# *ANG KATIBAYAN NG PAGKABUHAY NA MAG-ULI*

[Ang teksto ni Kapatid na William Branham sa Lucas 24:1-32 ay binabasa ni Kapatid na Orman Neville—Pat.]

*Datapuwa't nang unang araw ng sanglinggo, pagkaumagang-umaga, ay nagsiparoon sila sa libingan, na may dalang mga pabango na kanilang inihanda, at ng iba pang kasama nila.*

*At nasumpungan nilang naigulong na ang bato mula sa libingan.*

*At sila'y nagsipasok, at hindi nila nangasumpungan ang bangkay ng Panginoong Jesus.*

*At nangyari, na samantalang sila'y nangatitilihan dahil dito, narito, tumayo sa tabi nila ang dalawang lalake na nakasisilaw ang mga damit:*

*At nang sila'y nangatatakot, at nangakatungo ang kanilang mga mukha sa lupa, ay sinabi nila sa kanila, Bakit hinahanap ninyo ang buhay sa gitna ng mga patay?*

*Wala siya rito, datapuwa't nagbangon: alalahanin ninyo ang salita niya sa inyo nang siya'y nasa Galilea pa,*

*Na sinasabi, Kinakailangan na ang Anak ng tao ay ibigay sa mga kamay ng mga taong makasalanan, at ipako sa krus, at magbangong muli sa ikatlong araw.*

*At naalaala nila ang kaniyang mga salita,*

*At nagsibalik sila mula sa libingan, at ibinalita ang lahat ng mga bagay na ito sa labingisa, at sa lahat ng mga iba pa.*

*Sila nga'y si Maria Magdalena, si Juana, at si Mariang ina ni Santiago, at iba pang mga babaing kasama nila, ang nangagbalita ng mga bagay na ito sa mga apostol.*

*At ang mga salitang ito'y inakala nilang walang kabuluhan, at hindi nila pinaniwalaan.*

*Datapuwa't nagtindig si Pedro, at tumakbo sa libingan; at nang siya'y tumungo, pagtingin niya sa loob ay nakita niya ang mga kayong lino na nangasa isang tabi, at umuwi siya sa kaniyang bahay, na nanggigilalas sa nangyaring yaon.*

*At, narito, dalawa sa kanila ay naparoroon nang araw ding yaon sa isang nayong ngala'y Emaus, na may tatlong makadalawampung estadio ang layo sa Jerusalem.*

*At kanilang pinaguusapan ang lahat ng mga bagay na nangyari.*

*At nangyari, na, samantalang sila'y naguusap at nagtatanongan, na si Jesus din ay lumapit, at nakisabay sa kanila.*

*Datapuwa't sa mga mata nila'y may nakatatakip upang siya'y huwag nilang makilala.*

*At sinabi niya sa kanila, Ano ang mga salitaan ninyong ito sa isa't isa, sa inyong paglalakad, na nangalulumbay ang mga mukha?*

*At isa sa kanila, na nagngangalang Cleopas, sa pagsagot ay sinabi sa kaniya, Ikaw baga'y nakikipamayan lamang sa Jerusalem, at hindi nakaalam ng mga bagay na doo'y nangyari nang mga araw na ito?*

*At sinabi niya sa kanila, Anong mga bagay? At sinabi nila sa kaniya, Ang mga bagay tungkol kay Jesus na Nazareno, na isang propetang makapangyarihan sa gawa at sa salita sa harap ng Dios at ng buong bayan:*

*At kung paano ang pagkabigay sa kaniya ng mga pangulong saserdote at ng mga pinuno upang hatulan sa kamatayan, at siya'y ipako sa krus.*

*Datapuwa't hinihintay naming siya ang tutubos sa Israel: at bukod sa lahat ng mga ito, ay ngayon ang ikatlong araw buhat nang mangyari ang mga bagay na ito.*

*Oo, bukod sa rito iba sa mga babaing kasamahan namin na nagsiparoong maaga sa libingan, ay nakapagtaka sa amin;*

*At nang hindi mangasumpungan ang kaniyang bangkay, ay nangagbalik sila, na nangagsabing, sila nama'y nakakita ng isang pangitain ng mga anghel, na nangagsabing siya'y buhay.*

*At nagsiparoon sa libingan ang ilang kasama namin, at nasumpungan nila alinsunod sa sinabi ng mga babae: datapuwa't siya'y hindi nila nakita.*

*At sinabi niya sa kanila, Oh mga taong haling, at makukupad ang mga pusong magsisampalataya sa lahat ng salita ng mga propeta:*

*Hindi baga kinakailangang si Cristo ay maghirap ng mga bagay na ito, at pumasok sa kaniyang kaluwalhatian?*

*At magmula kay Moises at sa mga propeta, ay ipinaaninaw niya sa kanila ang mga bagay tungkol sa kaniya sa lahat ng mga kasulatan.*

*At sila'y malapit na sa nayong, kanilang paroroonan: at naganyo siyang wari may paroroonang lalo pang malayo.*

*At siya'y kanilang pinigil, na sinasabi, Tumuloy ka sa amin: sapagka't gumagabi na, at kumikiling na ang araw. At pumasok siya upang tumuloy sa kanila.*

*At nangyari, nang siya'y nakaupo na kasalo nila sa dulang ng pagkain, ay kaniyang dinampot ang tinapay at binasbasan, at ito'y pinagputolputol, at ibinigay sa kanila.*

*At nangabuksan ang kanilang mga mata, at siya'y nakilala nila; at siya'y nawala sa kanilang mga paningin.*

*At sila-sila'y nangagsabihan, Hindi baga nagaalab ang ating puso sa loob natin, habang tayo'y kinakausap niya sa daan, samantalang binubuksan niya sa atin ang mga kasulatan?*

2 Salamat, Kapatid na Neville. At isang "magandang gabi," sa inyong lahat.

3 Napaka kahanga-hangang araw po ito para sa akin, itong araw na ito. Napaka kahanga-hanga po sa maraming paraan. Heto nga, na tumanda ako nang kaunti, ngayong araw na ito, kaya 'yun ang nagbunsod na maging kahanga-hanga ito nang kaunti, at kahanga-hanga na rin ang pagkaka-edad ko. Pero ako. . .Haya't kahanga-hanga po dahil Pasko ng Pagkabuhay. At, heto rin, na isang kahanga-hangang araw dahil may bagay na nangyari sa akin ngayong araw, na aking, hinding-hindi ko makakalimutan. Ito po'y pagmimithi na dumating sa puso ko. Na aking. . .

4 Buong buhay ko pong binubulay-bulay ang tungkol sa mga bagay-bagay, at kung bakit ako ipinanganak sa mundong ito.

5 Tapos bigla kong naisip, nitong umaga, nung nangungusap ako tungkol kay Moises. At, siya, ano kaya ang pumasok sa isip niya nung malaman niya na isa pala siyang Hebreo! Bakit kaya pinahintulutan ng Diyos na siya'y lumaki sa palasyo ng Faraon, at pagkatapos mapupunta sa isang lugar, sa isang kalagayan sa likurang bahagi ng disyerto, para masumpungan kung ano ang gagawin niya sa buhay?

6 At lagi ko ngang binubulay 'yun noon, bilang isang batang paslit, 'yung kung papaanong ang Diyos, nung mga panahon na

kabataan ako, ay nakikipag-usap sa akin. Hayan nga na iniisip ko kung bakit Niya pinahintulutan na 'yung litrato na 'yun ay makunan. Iniisip ko nga kung bakit ipinahintulot Niya 'yun sa Alemanya at sa Finland. Lagi kong iniisip kung bakit ang lahat ng mga bagay na ito'y nangyari. Di nga ako makapaniwala na dahil 'yun sa . . . Mangyari nga, na di naman ako mangangaral na maituturing; wala akong edukasyon. Wala akong abilidad para maging mangangaral. Kaya baka may bagay na iba. Ako po'y naniniwala na ang bayan ng Diyos ay nasa pagkaalipin. Ako'y naniniwala na nasa pagkaalipin sila dahil sa tradisyon ng tao. At, sa panahon ngayon, napakarami nati't sampung makailang libo ang namamatay araw-araw, dahil sa mga sakit na di masaling ng medikal na siyensiya, at ang mga taong ito'y mga anak ng Diyos. At naniniwala ako . . . Marahil di ko—di ko na maabutan ito. Pero naniniwala ako na may darating na oras, at ito po'y napipinto na talaga, na ang Diyos ay may gagawin mismo sa paraan na ito, para patunayan na Siya'y nananatili pa ring Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Naniniwala ako—naniniwala ako riyan. Nakita ko mismo ito, sa sangsukat, pero naniniwala ako na kaunting sukat pa lang 'yun kumpara sa bagay na ito na makikita natin.

Ngayon, paalis po ako, ng umaga, para makapagpahinga nang kaunti.

7 Na, ako, ngayong araw, nung nasa tubigan ako . . . Ako po'y nakapagbautismo na, nang maraming beses na, pero ngayong araw na ito ako po'y nilamig nang husto sa buong buhay ko. Nilamig ako nang husto na di na ako halos makapagsalita. Dahil na rin sa "sobrang pagod." Tuluy-tuloy ang paghayo ko mula pa nung Pasko, o bago lamang mag-Pasko, na halos wala pong gabi ng pahinga. At wala naman akong grabeng sipon, pero talagang nanghina ako at sobra ang pagod.

8 Magpupunta ako sa may lawa, bukas, kung loobin ng Panginoon, para makapagpahinga nang ilang araw. Babalik ako, loobin ng Panginoon, nang ilang araw. At magkikita-kita uli tayo, bago ako humayo sa mga gawain, loobin ng Diyos, na mga sampu, mga dalawampung araw mula ngayon.

9 Tapos babalik ako, nang sangbuong buwan, sa mga estado ng New England. Babalik . . . Ito pong buong buwan ng Mayo ito, na may dalawang araw, dalawa o tatlong araw na pahinga.

10 Tapos mula dun, kulang-kulang, na mga limang araw na lang, bago ako magtungo ng Aprika. Yun ang tutugaygayin sa buong buwan ng Hunyo.

11 At magiging mahirap po. Dedepende po ako sa munting iglesya na ito, sa mga tao rito, na manalangin para sa akin; dahil kailangan ko talaga, kailangang-kailangan.

12 At, alam n'yo, wala pong makakaapuhap, sa panig na ito ng Kaluwalhatian, kung ano ba ito sa kabuoan, at kung gaanong

kahirap ang mga pagsusumikap na kailangan kong pagdaanan. Di ko 'yun sinasabi sa mga tao. Di naman kailangang sabihin sa mga tao. Di rin naman nila maiintindihan. Maski ako'y di ko maintindihan. Isa lang itong bagay, na kailangan mong batain, sadyang tugaygayin mo.

13 Ngayon, nang sa gayon ang mga taong nakatayo ay di na magtagal sa pagkakatayo, ang pinili kong teksto, sa gabing ito, itong teksto, gaya ng binasa ni Kapatid na Neville sa Lucas 24, ay patungkol sa pagkabuhay na mag-uli. Ang paksa ko po sa gabing ito ay: *Ang Katibayan Ng Pagkabuhay Na Mag-uli*. At ngayon, habang binabasa niya, may ilang mga bagay na sinalita ang Diyos, dito, na nais kong pagtuunan ng pansin. At 'yun ay, 'yung una, 'yung tungkol sa mga nagpunta sa libingan, unang-una, ng umaga.

14 Ngayon, kahit na gaano pang katindi ang kamatayan Niya, at gaanong kalunus-lunos ang kamatayan Niya, kung walang pagkabuhay na mag-uli, namatay Siya na parang ordinaryong tao lang na namatay. Kita n'yo?

15 Napakaraming dakilang mga kalalakihan sa mundo natin— mundo natin, na dakila ang mga iprinoklama.

16 Halimbawa na lang, si Confucius, isang dakilang alagad ng pilosopiya na Intsik, na namatay mga dalawampu't tatlong daang taon ang nakalilipas.

17 Si Buddha, ang dakilang propetang-diyos ng bansang Hapon, mangyaring namatay rin nang dalawampu't tatlong daang taon ang nakararaan; grabeng dakila ang inihayag na mga proklamasyon, pero namatay siya. At mapasa hanggang ngayon ay nananatili sa libingan.

18 Hayan din si Mohammed, malaking pribilehiyo ang makabisita dun sa kanyang libingan, kung saan, sa loob nang dalawang libong taon, may puting kabayo na nakatayo sa tabi ng kanyang libingan; nagpapalit ng bantay kada apat na oras, inaasahan na babangon siya balang araw, at mangangabayo para gapiin ang mundo, at sakupin ito. Ang mga Mohammedan, na pinaka malaking relihiyon sa bilang, sa mundo. Higit ang bilang nila sa lahat ng mga Cristiano, mga Katoliko man, kahit pagsama-samahin pa. Pero, sa kabila nun, si Mohammed ay nasa libingan pa rin.

19 At lahat ng mga relihiyon na ito, kapag sinasabi natin, "Si Jesus ay bumangon mula sa patay," sinasabi nila, "Patunayan n'yo nga." Tapos sasabihin natin, "Buweno, narito Siya sa puso namin." Sasabihin din nila na 'yung mga tagapagtatag nila'y nasa puso rin nila.

20 Pero ikinagagalak ko nga na si Jesus ay nag-iwan sa atin ng matatag, na batong patibayan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Di natin kailangang maghinuha. Katotohanan 'yun. Ang nakamamanghang bagay lang ay, haya't, napakaraming

tao ang di ’yun nakikita. At ’yun ang pinagtatakahan ko. At, ngayong gabi, sisikapin kong talakayin ito sa pamamagitan ng Kasulatan.

21 Ngayon, kung mapapansin n’yo, heto sila na naroon sa may libingan, nang maagang-maaga. Natagpuan nila ang dalawang Kalalakihan doon, na mga Anghel na nakasuot ng maningning na kasuotan, na sinabi sa kanila na si Jesus ay. . . “Bakit ninyo hinahanap ang buhay—ang buhay sa gitna ng mga patay?” Sila nga’y nagtungo roon sa libingan at natagpuan nilang wala Siya roon. At tinanong Nila ang katangi-tanging katanungan na ito, “Bakit ninyo hinahanap ang buhay sa gitna ng mga patay? At sinabi na Niya noon, nung. . . Itong mga bagay na ito’y sinabi na Niya noon pa sa inyo, nung naroon pa Siya sa Galilea.”

22 Ngayon, marahil nalalampasan n’yo lang ’yan sa inyong pagbasa, pero pag-aralan natin ’yan pansumandali. Sabi Niya, “Sinabi na Niya ang mga bagay na ito sa inyo nung Siya’y nasa Galilea pa.” Bakit kaya di nila naunawaan ’yun noon? Bakit di nila nakuha?

23 At heto ang isa pang dakilang kahalagahan na kalakip dito, na, itong mga Anghel na nagsabi sa kanya, o nagsabi sa mga alagad, ay naroon sa libingan. Pihadong kasa-kasama Niya Sila noon sa Galilea, dahil alam din Nila kung ano ang mga sinabi ni Jesus sa mga alagad bago ang pagpapapako Niya sa krus. Oh, grabeng pinagpalang bagay! Kita n’yo, walang kamalay-malay noon ang mga alagad na ang mga Anghel na ’yun ay naroon lagi, pero maliwanag mismo na naroon nga Sila, dahil ang sabi Nila, “Hindi ba’t sinabi Niya sa inyo ito habang nasa Galilea pa Siya?”

24 At ’yun ay katuparan nung sinasabi ng Kasulatan, na, “Ang mga Anghel ng Diyos ay nakabantay sa palibot ng mga natatakot sa Kanya.”

25 At grabeng dakilang bagay nga ’yan, na malaman ’yan, sa gabing ito, na sa mismong gusali na ito, ay may mga Anghel ng Diyos na nakatayong laging handa. At nalalaman Nila ang bawat salita na sinasabi natin, at lahat mismo ng ginagawa natin.

26 At heto ang ukol sa Kasulatan na katibayan nito. Sabi, “Hindi ba’t sinabi Niya sa inyo ang mga bagay na ito nung nasa Galilea pa Siya?” Sabi, “Alalahanin ninyo na sinabi na Niya sa inyo ang mga bagay na ito.” Yung salita na ’yun, “alalahanin,” isa nga ’yung kahanga-hangang salita.

27 At, oh, grabeng magiging kalungkot-lungkot na bagay ’yun para sa mga mapapahamak, na pagkatapos na maselyuhan ang kanilang kapahamakan, at pagkatapos na mapakinggan nila ang huling pangangaral sa kanila, haya’t mapupunta sila sa isang impyerno ng diyablo, napahamak, at wala na mismong pagkakataon na makapagsisi pa; upang alalahanin ang mga pagkakataon na kanilang tinanggihan.

28 Sasabihin n'yo sa akin, kung ganoon, "Mangangaral, may alaala pa rin ba sa impyerno?" Sinabi ni Jesus na mayroon. Sabi Niya 'yung mayamang lalaki na itiningala ang kanyang mga mata, sa impyerno, at nakita si Abraham, at si Lazaro na naroon sa dibdib Nito. "At ang sabi niya, 'Alalahanin mo, sa buong buhay mo . . .'" Haya't may alaala.

29 At kung papaano, na 'yung mga napahamak, grabe ngang kalunus-lunos na bagay 'yun, na maalala nila ang dakilang mga pagtitipon kung saan sila naupo, at nakaranas pakinggan ang dakilang mga pangangaral ng mga pinahirang ministro ng Diyos; at hindi lang 'yan, mangyaring nasaksihan pa mismo ang mga pinahirang tanda at mga kababalaghan na pinamalas ng Diyos sa kalagitnaan ng mga tao; at maalala ang lahat ng babala, at sa kabila nun ay kapahamakan pa rin. Anupa't, sasagi 'yun sa alaala nila kailanman.

30 Matapos ang kamatayan ni Jesus, sinasabi ng Biblia sa atin, na, "Nagtungo Siya at nangaral sa mga kaluluwa na naroon sa bilangguan, na hindi nagsisi sa matiyagang paghihintay sa mga araw ni Noe." At 'yung ipaalala sa kanila na sina Noe, at Enoc, at 'yung dakilang mga propeta nung panahon nila, ay sumaksi mismo na may Mesiyas na parating, at tinanggihan naman nila ang Mensahe.

31 Oh, magiging kalunus-lunos na bagay 'yun, napahamak kong kaibigan, para sa iyo, sa araw na 'yan, na maaalala mo. Sa pagkamatay mo, rito, lalakip sa iyo ang mga gawa mo. At ang mga ito'y alinman sa gagambala sa iyo sa buong Walang Hanggan, o pagpapalain ka sa buong Walang Hanggan.

32 Pero, alalahanin, grabe ngang dakilang bagay 'yun, at isang kagalakan, para sa mga naligtas, at magbubunsod, na harapin ang aktuwalidad, na ang mga Anghel na ito na nasa loob ng gusaling ito ngayong gabi, ay ipaaalala mismo ang dakilang mga pagtitipon na ito at ang maluwalhating mga panahon, at ang maluwalhating kagalakan na tinatamasa natin nang sama-sama. Grabeng panahon nga 'yun na kakaharapin, para sa dalawang grupo na ito, kapwa sa mga ligtas at di-ligtas!

33 Ang Diyos ay mabuting Diyos. Siya'y lubos na mapagpahinuhod! Puspos Siya ng kagandahang-loob, at kaamuan, at pagtitiis! "Hindi Niya ibig na sinuman ay mapahamak." At ginawa Niya mismo ang lahat ng maaaring gawin, para pigilan ang tao na mapunta sa kapahamakan. Pero sila nga'y mapapahamak, ano't anuman, dahil di sila nanampalataya.

34 Ngayon, dalhin naman natin ang ating talakayin, ngayong gabi, subaybayan natin 'yung dalawang kalalakihan, matapos ang pagkabuhay na mag-uli. At marami ang nagtungo at nagsaysay tungkol sa libingan na walang laman, na isinaysay na ang katawan Niya ay wala roon. At may ilang kababaihan na

nagsabi na nakakita sila ng isang pangitain ng Mga Anghel, na nagsabi sa kanila, "Nagbangon na Siya mula sa patay." At, sa kabila nga nun, naroon na mismo ang mensahe, pero di pa rin nagsipaniwala ang mga tao, at napanghinaan pa tuloy ng loob, sa pag-uwi nila sa sariling bayan.

35 At ang isipin, ang unang Araw ng Pagkabuhay, ang kauna-unahan mismong magandang tagsibol ng umaga ng Araw ng Pagkabuhay, na si Jesus ay buhay sa kalagitnaan ng mga tao, at heto sila na magkasama, hinang-hina ang loob, naglalakad sa daan, na ang mga puso'y lungkot na lungkot, at bagbag na bagbag tungkol sa pagkakapako sa krus. At habang naglalakad sila, nasumpungan natin na may Isa Na humakbang sa may tabi ng daan at unti-unting sumasabay sa kanila sa paglakad. At di nila nakilala kung Sino Siya, dahil sinabi ng Kasulatan na ang mga mata nila'y natatakpan.

36 Oh, heto po ang nais kong makita n'yo. Haya't di lang ito isang bagay na nangyari, bagkus isa itong propesiya, at isang anino ng isang bagay na mangyayari.

37 Alam n'yo, ang pinagpala nating Panginoon ay di kailan man gumawa ng isang bagay dahil basta lang. Bawat isa na Kanyang ginawa ay may kahulugan. Bawat isa na Kanyang ginawa ay ukol sa Walang Hanggan; hindi namamatay; bawat kilos, bawat galaw, bawat Salita. Oh, ikinagagalak ko nga 'yan nang lubos-lubos. Magagawa mo ngang lumagak mismo roon, nang lahat-lahat at buong-buong nasa sa iyo, at 'yun ay mangyayari.

38 At habang naglalakad sila sa daan, may isang dayuhang Lalaki na humakbang. At sila, sabi Niya—sabi Niya sa kanila, "Bakit sobrang lungkot n'yo?" Dapat kasi masaya sila. Sabi, "Bakit sobrang lungkot n'yo? At ano itong bagay na pinag-uusapan n'yo?" Tapos sabi Niya . . .

39 Sumagot sila sa Kanya, "Isa ka bang nakikipamayan dito sa Jerusalem? Hindi Mo ba nababalitaan ang mga bagay na ito na nangyayari? May Propeta kami na nagngangalang Jesus na taga-Nazaret. At umasa talaga kami sa Kanya, na Siya ang Magpapalaya. Pero ito na ang ikatlong araw; haya't ipinako Siya mismo ng sarili naming mga kababayan."

40 Tapos sinimulan nilang ikuwento ang pangyayari kung ano ang naganap, 'yung kung papaanong patay na Siya, 'yung kung papaanong umaasa sila na Siya yaong dakilang Tagapagpalaya, maging 'yung kung papaanong ang Propeta na 'yun ng Kataas-taasang Diyos ay tatayo dun na kaawa-awa, na may dura sa Kanyang mukha, at hinahayaan ang sundalo na talukbungan ang ulo Niya ng basahan, at pipiringan ang mga mata Niya, at hahambalusin Siya sa ulo gamit ang pamalo, at sasabihin, "Ngayon magpropesiya Ka, Ikaw na tagapagsalita ng propesiya, at sabihin sa amin kung sinong humambalos sa Iyo.

Paniniwalaan Ka namin." Lampas-lampas nga 'yun sa kayang unawain ng tao. Iniisip nila na ang Mesiyas ay iba roon.

41 At kung hindi ba't ganyan na ganyan ang lantad na larawan, sa panahon ngayon. Ang inaasahan ng mga tao na Kaharian ng Diyos ay iba sa kung ano ba Ito talaga. Inaasahan nila na darating Iyon nang may karangyaan. Inaasahan nila na Iyon ay uusbong sa siyudad ng Vatican o sa kung anong malaki mismong katedral. Pero dahil sa dinadala Niya Ito sa gitna ng sangkumpol na mga mahihirap, walang pinag-aralan, na mga taong mapagpakumbaba ang puso, binubulag Nito ang mga mata ng matatalino't pantas.

42 Oh, grabeng kakutyaan 'yun na tinanggap ng babae na haya't inalipusta siya, sa paghuhugas niya ng Kanyang mga paa gamit ang kanyang buhok, gaya ng ginawa mismo ng tunay na mananampalataya. Grabeng pangungutya 'yun na makita Siya mismong nakabitin sa krus, na ang mga kamay Niya'y nakapako sa krus, at ang marinig ang mga punong saserdote, na sinasabi, "Ngayon, kung Ikaw talaga ang Anak ng Diyos, magpamalas ka ng himala rito. Bunutin Mo ang mga kamay Mo riyan na makawala, at bumaba mula sa krus, at paniniwalaan Ka namin."

43 Ngayon, sa kaisipan ng natural na tao; sa karnal na tao, sa taong-iglesya, sa kunwang mananampalataya. Mangyari nga, na bawat kongregasyon ay binubuo ng tatlong iba't ibang uri ng tao, itong: ang tunay na mananampalataya, ang kunwang mananampalataya, at ang di-mananampalataya. Bawat kongregasyon ay may ganyan.

44 At ang isipin na ang Lalaking ito, Na nagpamulat mismo ng mga mata ng bulag, binuksan ang mga tainga ng bingi, at nagbangon mismo ng binata mula sa patay, na apat na araw nang patay, at nagpahayag pa ng mga bagay gaya ng Kanyang mga ipinahayag; pero hayan nga't nakapako roon, na may dura sa Kanyang mukha, at hinahayaan lang ang punong saserdote na hamun-hamunin Siya at sabihan Siya ng kung anu-anong bagay, at mangyaring di Niya ibinuka ang Kanyang bibig ni sumagot man pabalik maski isang salita, para makipag debate. Sapagkat sinabi Niya, "Ginagawa Ko yaong sa tuwina ay nakalulugod sa Diyos." At nakalulugod nga sa Diyos na 'yun ay mangyari.

45 Ngayon pagmasdan natin Siya nang ilan pang minuto. Ngayon, ang mga alagad na ito, di nila maunawaan kung bakit kailangang mangyari 'yun. Kaya sa paglalakad nila haya't unti-unti nilang ikinukuwento ang pangyayari, tapos pinahinto sila ni Jesus. Kita n'yo, nagpakita Siya sa kanila nung Siya ang pinag-uusapan nila.

46 At 'yan ang dahilan kung bakit hindi Siya nagpapakita sa marami sa mga taong-simbahan, sa panahon ngayon, di kasi nila Siya pinag-uusapan nang sapat. Ang pinag-uusapan sa tuwina ng iglesya ay kung anu-anong malaking kaganapan na gagawin

nila, kung anu-anong malaking kasiyahang sosyalan, o kung anong piknik na pupuntahan nila, o kung anong bago na naman na gagawin nila, kung anu-anong sosyedad. Ang iglesya nga'y nabibigatang lubha sa pakikipag sosyedad, na anupa't wala na silang sapat na lugar para kay Cristo.

47 Ang tunay na Iglesya ay laging di nabibigatang lubha ng lahat ng pakikipag sosyedad na ito, at ibinabaling mismo ang lahat sa pagtitipon para sa pananalangin, sila na nakakakilala sa Kanya at umiibig sa Kanya.

48 At heto na Siya. Pinag-uusapan nila Siya nung magpakita Siya.

49 Kung magagawa lang natin na ihinto ang paguusap-usap natin tungkol sa ating mga kapitbahay, at tigilan ang usap-usapan tungkol sa mga pakitang-tao sa iglesya, at mas tuunan nang mas higit na ang mapag-usapan ay si Jesus, mas marami tayong pagpapakita ni Jesus na magaganap; 'yang paguusap-usap tungkol sa mga kamalian ng mangangaral, paguusap-usap tungkol sa mga kamalian ng iba. Sa halip ay pag-usapan ang tungkol kay Jesus, mas maraming bagay ang mapangyayari.

Ngayon, haya't nung nag-uusap sila, nagpakita Siya.

50 At pagkatapos, pansinin, nung magpakita Siya, mangyari nga na di Siya nakikipanig sa iyo. "Oh, tama 'yan. Dapat lang na mapatalsik ang isang *ito*. At *ito* dapat ang maging bagong pastor. O, nakagawa nang mali ang kapitbahay na *ito* sa iyo."

51 Kita n'yo, dun mismo nung magpakita Siya, sinimulan Niyang ipangaral ang Salita. Ang tunay na lingkod ng Diyos ay laging dumidiretso sa Salita. Ang sabi Niya, "Oh mga hangal, at makupad ang puso sa pagsampalataya sa lahat ng sinabi ng mga propeta patungkol kay Cristo." Tingnan n'yo nga itong kung papaano, ito, kung papaano Niya 'yun ipinasok? "Kayo ba'y makukupad at hangal, na di n'yo nasampalatayanan ang sinabi ng propeta?"

52 Ano na lang kaya kung magpakita Siya, sa gabing ito? Nais ko lang itanong ito. Ano kaya ang gagawin Niya sa Branham Tabernacle, ngayong gabi? Kayo ba'y masusumpungan na ang puso'y sobrang kupad?

53 Ano kayang gagawin Niya sa Jeffersonville, ngayong gabi, kung saan ang Ebanghelyo'y ipinangaral nang dalawampu't limang taon; ng mga tanda't mga kababalaghan, mga himala, na isang bagay na di mapapasubalian? Mga bagay na di naipangyayari mula nang lumisan si Jesus sa lupa, ay araw-araw mismong isinasagawa. Pinagagaling ang mga maysakit, ang mga tanda't mga kababalaghan ay ipinamamalas. May mga dakilang pagpropropesiya ang sinasambit, na di nabibigo. Ang Ebanghelyo'y ipinapangaral nang walang pagkokompromiso, at sa kabila nun ay nananatiling punung-puno ang mga bahay-inuman at mga bahay-sayawan sa gabing ito, sa Jeffersonville.

Oh, papaano na lang natin matatakasan ang matinding galit ng Diyos?

54 Maraming beses ko na itong nababanggit, at sasabihin ko uli, ngayong gabi. Kung hahayaan lang tayo ng Diyos na di man lang napaparusahan, Siya nga'y lalabas na Diyos na di-makatarungan. Marapat lamang na ibangon Niya ang Sodoma at Gomorra, at humingi ng paumanhin sa kanila, dahil sa pagpapalubog sa kanila sa siya ring bagay na ginagawa natin sa araw-araw, at palala pa nang palala. Mangyari pa't, mga pagano sila, pero heto nga tayo na dapat ay isang Cristianong bansa.

55 At habang nakikipag-usap Siya sa kanila, at sinimulang ipaliwanag sa kanila ang mga Kasulatan, at mangyari nga na di Niya sila parang tinatapik-tapik nang marahan sa likod at ang ibinibigay sa kanila'y kung anong munting pang-sanggol na doktrina, haya't mariin Niyang sinasaway sila, at ang sabi pa nga'y, "Hangal kayo, at makupad ang puso. Bakit n'yo pinag-aalinlanganan ang sinabi ng propeta?" Nakita n'yo na kung saan Siya dumiresto? Diretso mismo sa Kasulatan.

56 Tapos nagsimula silang umantabay at makinig. Sabi Niya, "Hindi ba't si Cristo'y kailangang magbangon sa ikatlong araw, at pumasok sa Kanyang Kaluwalhatian?" At nagpatuloy Siya, buong araw, na nangungusap, pero di nila Siya nakilala, dahil ang mga mata nila'y natakpan. Naisara mismo, at di nila tuloy Siya makita, o, maunawaan man Siya.

57 Ngayon, heto po ang dako kung saan gusto ko kayong makarating, bagay na gusto kong makita n'yo. Yun ang unang mensahe pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli. At habang naglalakad Siya kasama nila nang buong araw, hindi nila Siya nakikilala. Gayong, kasa-kasama na nila Siya, pero Kanya Mismong isinara ang mga mata nila. Pero nung papalubog na ang araw, haya't umakto nga si Jesus na para bang yayao't hihiwalay na sa kanila.

58 Kung hindi ba't ganyan na ganyan mismo ang ginawa Niya uli sa huling mga araw na ito, sa paglubog ng araw. Napansin n'yo ba kung anong ibinigay Niya sa iglesya, nang buong araw? Sadyang pangangaral lang ng Salita. Di Siya nagpamalas ni isa mang tanda o kababalaghan. Di Siya nagsalita ng kahit na ano haya't ipinangaral lamang ang Salita tungkol sa pagkabuhay na mag-uli, tungkol nga sa kung anong sinabi ng propeta. Yan mismo ang ginawa Niya mula nung mga araw na 'yun nung lumisan Siya, hanggang sa huling araw. Pero ngayon, oh, purihin ang Kanyang Pangalan, ang araw ay papalubog na, at Siya nga'y umakto na para bang di Siya hihimpil.

59 Oh, naiisip ko nga si Fanny Crosby nung mapaiyak siya, "Iyo akong huwag lampasan, Oh mabining Tagapagligtas."

60 At ang mga alagad na ito ang sabi nila, "Halika't tumuloy. Manatili Ka sa amin sa buong pagdidilim, dahil gumagabi na."

At umakto nga Siya na parang aalis na Siya, pero pinigilan nila Siya. Sa madaling sabi, nagsumamo sila sa Kanya. Oh, kung marami lang tayong ganoong uri ng tao na mapagsumamo!

61 Kapatid na babae, kapatid na lalaki, alam n'yo ba na sinabi ng Biblia na tatatakan ng Espiritu Santo sila na nagbubuntong-hininga at dumadaing dahil sa mga kasamaan na nagawa sa bayan? Ngayon, may gusto akong itanong sa inyo. Tayo nga'y matindi ang emosyon natin tungkol sa sarili nating mga ideya ukol sa relihiyon, pero sino nga sa siyudad na ito, ngayong gabi, ng Jeffersonville, ang may labis na pag-aalala sa mundong ito na naliligaw, sa huling araw na ito, na anupa't naglalaan ng tatlumpung minuto, kada gabi, na ipanalangin ang mga pagkakasala ng siyudad? Pero haya't ayon nga sa Kasulatan, ang Anghel ng Diyos ay naroon para tatakan lamang sila na nagbubuntong-hininga at dumadaing dahil sa mga kasamaan.

62 Aba't hindi na tayo interesado pa. Ang gusto na lang nating malaman ay kung may matatamasa ba tayong kasiya-siyang panahon. Ang gusto na lang nating malaman ay kung magkakaroon ba tayo ng munting pakikipag sosyedad sa ating simbahan. Ang gusto na lang nating malaman ay kung mayroon ba tayong isang—isang botohan na parating, kapag panahon na para maghalal ng panibagong pastor. Ang gusto na lang nati'y dapat mas mainam na di hamak ang simbahan natin kaysa sa simbahan ng isa pang tao. Yan ang kaisipan ng mundo sa panahon ngayon. Wala nang nagsusumamo, "Oh Panginoong Diyos, pumarito Ka po sa'kin dali-dali, o ako'y mapapahamak. Oh, Iyo po akong huwag lampasan, Oh Tagapagligtas. Ikaw ay Makapangyarihan sa lahat. Ikaw na Siyang sumasa lahat ng dako, pumarito Ka't manahan dito mismo sa aking puso, Oh Panginoon." Anupa't napakahirap na ngayon na magpataas ng kamay ng isang lalaki o babae, para tanggapin ang Panginoong Jesus bilang Tagapagligtas. Ang makalumang bangko para sa mga humihibik ay inalis na. Wala nang pagtatangis. Wala nang mga pag-iyak sa may altar.

63 Isipin n'yo na lang 'yun, noong si Charles G. Finney, isang simpleng mangangaral ng Ebanghelyo, isang munting abogado na napagbagong-loob sa pananampalataya, isa ngang munting halos tuyot-ang-itsura na lalaki, nung sinusubukan niya ang dating ng boses niya sa loob ng isang gusali. Tapos nagsalita siya, "Mangagsisi kayo, o kayo'y mapapahamak." Tapos may isang lalaki na nakaupo roon sa may kupola na nahimatay at nahulog. Haya't tumayo siya sa balkonahe ng isang gusali sa New England at ipinangaral ang impyerno sa mga naliligaw. At nung sumigaw siya nang malakas, "Mapapahamak kayo kung di kayo magsisisi," ang mga kalalakiha'y nahimatay, at mga kababaihan, at napaluhod mismo sa kalsada.

64 Pero, ngayon, mangaral ka tungkol sa pagsisisi at apoy ng impyerno at asupre, haya't pagtatawanan ka lang ng mga tao.

Ano na bang nangyayari? Nanlalamig na ang ating mga puso. Di na tayo nababahala. Nasobrahan na tayo. Kailangan nating magbawas ukol sa sanlibutan at magdagdag ukol sa Diyos. Napaka lamig na ng mga puso natin. Mas naging interesado tayo sa kung anu-anong emosyon. Naging interesado tayo sa, "Kung—kung tayo'y makakasayaw; kung tayo'y makasisigaw." Naniniwala naman ako riyan. "Kung tayo'y makakapagsalita sa iba't ibang wika." Naniniwala ako riyan. Naniniwala ako hanggang sa kaliit-liitan n'yan. Pero kung mayroon tayo ng mga 'yan, at wala naman nitong matinding pagdadalamhati, pagtangis, pagkadurog ng espiritu, hinding-hindi ito magagamit ng Diyos. Maiinam ang mga bagay na 'yan, pero kailangan natin nung isang bahagi pa na lalakip mismo roon. Anupa't inabandona natin 'yung bagay na pangunahin, at nagtungo dun sa pangalawahin; at di mo nga puwedeng gawing pangunahin ang pangalawahin. Alam natin 'yan.

65 Maski sa sarili nating mga pagtitipon, sa sarili nating mga pagtitipon haya't dumating sa punto na mas nakatuon na sa Makalangit na pagpapagaling, kaysa sa kagalingan ng kaluluwa. Kapatid, ang kailangan natin sa panahon ngayon ay isang rebaybal na nagpupumiglas mismo, na mga kaluluwang nag-aalab para sa Diyos. Ang ibig kong sabihin sa, "nag-aalab," ay naroon mismong nakaluhod sa may altar, na ang mga luha'y dumadaloy sa mga pisngi nila. Di lang basta limang minuto, tapos tatayo at wala na. Kundi talagang humahayo mismo na nagsusumikap na akayin ang mga naliligaw pabalik kay Cristo muli; talagang may pasanin sa kanilang puso.

66 Diyos, Iyo pong iwaglit ang lahat ng kalayawan ng mundo, at lahat ng mga sabit-sabit nito, lahat ng walang kabuluhang pagsasaya nito, at maglagay ng pasanin sa puso ko para sa mga naliligaw, 'yan ang dalangin ko.

67 Pinigilan nila Siya. "Oh Panginoon, di Ka namin kilala kung sino Ka, Ginoo, pero gustung-gusto namin ang Iyong pangangaral. Tumuloy Ka, at magpalipas Ka kasama namin nang buong gabi." At pumasok si Jesus. Sa paglalakad kasama nila, haya't di nila Siya nakilala. At nung isang sandali na 'yun na nakapasok Siya. . .Marahil isang munting kubo lang, pero wala ngang napakababa para sa Kanya.

68 Sasabihin n'yo, "Buweno, Kapatid na Branham, matanda na kasi akong tao." Di ko iniisip gaano man kayong katanda. "Bata lang ako." Hindi mahalaga gaano man kayong kabata. "Mahirap lang ako. Nakadamit lang ako ng overall." Oh, kahit na sako lang ang nakabalot sa inyo, wala 'yung magiging iba sa Diyos. Humiling lang kayo sa Kanya. Dakila kayo sa paningin ng Diyos. Marahil di kayo ganoong kahalaga sa harapan ng tao, pero dakila kayo sa paningin ng Diyos. Isa kayo sa Kanyang mga tagapaglingkod.

"Pumasok Ka at tumuloy kasama namin."

69 "Oh, di ko kayang hilingin na Siya'y pumasok sa akin. Naging lasenggo ako. Naging sugarol ako." Di ko alintana ano ka pa man. Hilingin mo sa Kanya, at sumpungan. Tutuloy Siya sa iyong paanyaya. Kailanman ay di Niya tinanggihan ang sino man. At kailanman ay di Niya tatanggihan ang sino man. Siya ay may pananabik at may pagnanais na makapasok sa mga puso. Sasabihin n'yo, "Naging patotot ako ng lansangan." Di ko alintana kung ano ka pa man dati. Ang Diyos ay nagsisikap na Siya'y makapasok sa puso mo.

Sabihin n'yo lang, "Pumarito ka, Panginoon, at tumuloy na manahan sa akin."

70 At pansinin, buong araw, na inihahatid Niya ang Salita, pero walang mga tanda. Nung makapasok na Siya kasama nila sa loob, at isinara ang pinto, at naupo, oh, kapatid, dun Niya inihayag ang Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Di sa anumang oras, mula umaga nung katagpuin Niya sila, hanggang sa ang araw ay lumubog, na ginawa Niya ito. Hindi Siya nagpamalas ng isa mang bagay na ginawa Niya sa buhay, Salita lamang. Pero pansinin, nung oras ng gabi, sa oras ng gabi, dun Niya pinatunayan ang Kanyang pagkabuhay na mag-uli.

71 Hayaan n'yong sabihin ko ito nang may kababaang-loob. Hayaan n'yong di ko lang sabihin ito nang may bagbag na tinig, kundi may bagbag na puso, na rin. Oras na ng gabi. Ang sabi ng Biblia, "Magliliwanag sa oras ng gabi. Darating ang isang araw, na di gabi o araw man," ang sabi ng propeta. May pakikinig lang sa Salita, pero walang mga pagpapamalas, sadyang makulimlim, na maulap na araw. Pero sa oras ng gabi, ang Liwanag ay magliliwanag mismo uli. Magliliwanag. At sa oras na ito ng gabi na kinabubuhayan natin, kung saan si Cristo, sa pamamagitan ng Kanyang mga ministro, ay nangaral ng Ebanghelyo sa loob ng dalawang libong taon, pero heto na ang mga ilaw sa gabi. Ang mga ilaw sa gabi ang kahayagan ng pagkabuhay na mag-uli.

72 Kailan? Hindi nila alam na bumangon Siya mula sa patay. Gayong iniibig nila Siya, sinasampalatayanan nila Siya, pero di nila alam na bumangon na pala Siya mula sa patay. Sila pa nga'y nakipagdiskusyunan laban dito. At ngayon, heto na ito sa oras ng gabi, ihahayag na Niya ang Kanyang Sarili, na Siya'y bumangon mula sa patay. Papaano Niya ginawa 'yun? Hindi sa pamamagitan ng pangangaral ng Salita; nagawa na Niya 'yan, at mangyaring di pa rin sila makapaniwala.

73 Haya't dalawang libong taon na mismo ng pangangaral ng Salita, ang iglesya'y di pa rin naniniwala. Pero dumating na ang Liwanag sa gabi, ang kahayagan ng pagkabuhay na mag-uli.

74 At pumasok Siyang kasama sila, at nagpamalas Siya ng isang himala, o gumawa ng isang bagay gaya ng ginagawa Niya noon

bago ang Kanyang pagkakapako sa krus. Napagkilala nila na Siya ito. Ang mga mata nila'y nabuksan.

75 At naglaho Siya, bigla-bigla. Pansinin, maiksing mensahe lamang. Di mahabang-mahaba. Di Siya nananatili kasama nila nang matagal. Inihayag lamang Niya ang Kanyang Sarili, at naglaho sa kanilang paningin. At nabuksan ang kanilang mga mata at napagkilala nila na Siya 'yun.

76 Tapos sabi nila, "Hindi baga't nag-alab ang ating mga puso sa loob natin, habang kinakausap Niya tayo sa daan?"

77 At, oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae, gaano ngang husto na ang mga puso nati'y nag-aalab, sa paglipas ng mga taon. Ako po'y Cristiano na nang mag-dadalawampu't pitong taon; hindi, mag-dadalawampu't siyam na taon na. Mag-dadalawampu't pitong taon na ako bilang mangangaral. At sa buong mga taon na 'yun, sa pagbabasa ko ng Kanyang Salita, sa tuwing Siya'y nakikipag-usap sa akin, kahanga-hanga nga. Ang puso ko'y nag-aalab talaga, na mapakinggan ang Salita.

78 Pero ngayon dumating na ang mga Ilaw sa gabi. Palubog na ang araw. Pawala na ang sibilisasyon. Ang mundo'y patungo na sa katapusan. Ngayon Siya'y nagpapakita na at gumagawa ng isang bagay sa kalagitnaan natin, para ihayag ang Kanyang Sarili bilang ang nabuhay na mag-uling Cristo. Ang mga mata nga natin, ay maaaring mabuksan. Nakikita na natin na Siya'y buhay mismo magpakailanman. Ang katibayan nga ng isang tinapay na pudding ay ang makain 'yun. At ganyan din ang katibayan ng pagkabuhay na mag-uli. Kung nangako si Jesus, ipinangako nga ng Biblia, "Na Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," at kung di Niya 'yun patutunayan, kung ganoon mali ang Kasulatan. Haya't sa nagdaang mga taon ang kamit-kamit natin ay ang lahat ng mga katuruang ito ng Kasulatan, pero ito na ang araw ng kahayagan, para sa mga kahayagan ng pagkabuhay na mag-uli.

79 Ngayon, anong ginawa nila? Nung mabuksan ang mga mata nila, ang sabi nila, "Hindi baga't ang mga puso nati'y nag-alab sa loob natin?" Tapos dali-dali silang kumaripas pabalik, para makipagkita sa iba pa na mga kasamahan nila. At hindi sila bumalik, na nagtungo sa daan, at sinasabi-sabi, "Buweno, baka kung anong ibang bagay lang 'yun." Mangyaring siguradong-sigurado sila. At dali-dali silang kumaripas sa mga kasamahan nila, at sabi nila, "Tunay, nagbangon ang Panginoon, talaga! Nalaman talaga namin na nagbangon Siya." Hindi sila nakipagtalo tungkol sa kanilang relihiyon. Yung pagtungo nila dun ay dahil sa ang kanilang mga mata'y nabuksan. Nakita nila mismo Siya sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli.

80 At ano pa bang mas gagandang bagay, sa gabing ito, aking kaibigan? Ano pa bang mas luluwalhating bagay, ngayong gabi, sa araw na ito ng Pasko ng Pagkabuhay? Ang makita na ang siya

ring Jesus na nagbangon mula sa patay, ay pumaparito mismo sa gitna nitong munti't, luma't, hamak na tabernakulo rito, na kulang-kulang tatlong libong dolyar lang ang nagastos natin, dalawampung taon ang nakararaan. Gaano ngang kaluwalhati, na sa munti't hamak na lugar na ito, ay makikita Siya mismo na paparito, ngayong gabi, at gagawin ang mga bagay na ginawa Niya bago ang pagkakapako sa Kanya, para patunayan ang Kanyang pagkabuhay na mag-uli?

81 Hindi Niya 'yun ginagawa anupa't hanggang sa huling mga araw na ito. Ngayon Kanya na itong ginagawa dahil Kanyang ipinangako na gagawin Niya ito. Oras na ng gabi. Ang mga Ilaw ay nagliliwanag. Binubuksan ng Diyos ang mga mata ng Kanyang mga anak. Sila, na may nag-aalab na puso, ay dali-dali mismong kumakaripas pabalik, "Oh, nagbangon Siyang, tunay."

82 Ngayon, may ilang tao rito sa gusali, ngayong gabi, ang marahil taga-Virginia pa, at sa buong palibot ng bansa. At—at, o kahit taga-saan pa kayo, maaari kayong umuwi nang may nag-aalab na puso, sa araw na ito ng Pasko ng Pagkabuhay, kung si Jesus ay magpapakita sa inyo gaya ng ginawa Niya sa kanila noon.

83 Marahil matagal-tagal na kayong sumasabay sa Kanya sa paglakad. Marahil matagal na kayong Cristiano't ilang taon na rin, pero di n'yo pa nakikita ang Kanyang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli na nahayag. Oh, kung Kanya lamang gagawin ito ngayong gabi, tatanggapin n'yo ba Siya bilang nagbangon na Panginoon?

84 Bulayin n'yo ito ngayon, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo sa pansumandaling pananalangin. Ilan po ang nais na maalaala sa pananalangin na ito? Itaas n'yo ang inyong kamay sa Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos.

85 Ngayon, Panginoong Diyos, nakatayo ang mga tao, ang mga paa nila'y nangangalay. Pero, oh, iniibig Ka po nila. Sila po'y dumudulog, Panginoon, sa araw na ito ng pagkabuhay na mag-uli. Dumating sila, marahil, mula sa isang lumang libingan na walang laman sa kung saan, kung saan ipinapangaral nila roon ang Ebanghelyong walang laman, at nagsasabi, "Buweno, ang mga araw ng himala'y lipas na." Sa ganoon nila natagpuan ang libingan, dahil wala Siya roon. Siya kasi'y bumangon mula sa patay.

86 Pero si Cleofas at ang kaibigan niya ay maraming kasama na naglalakbay, ngayong gabi, pinag-uusapan 'yun, habang nasa daan. Pero, Oh Panginoong Jesus, sa mga oras na ito ng gabi, dalangin ko na Iyong ihahayag ang Iyong pagkabuhay na mag-uli sa munting iglesya na ito, ngayong gabi. Patunayan mismo sa mga narito, na nakatayo sa may tabi, na Ikaw po'y may kababaan ng loob. Na heto, kahit. . . Kahit na gaano mang

kababa ang dakong ito, darating Ka saan mang lugar na Ikaw ay tanggap na tanggap, lugar na Ikaw po ay ninanais.

87 At marami po rito, Panginoon, ang nangangailangan. Marami ang may sakit at marami ang nagdadalamhati. Marami ang hindi Ka taglay, walang Cristo, walang Diyos, at nagnanais sila ng tulong. Dalangin ko, Ama, na Iyong ihahayag ang Iyong Sarili, ngayong gabi, sa munting tabernakulo na ito, minsan pa.

88 Oh Panginoong Diyos, Ikaw po'y naging mabuti sa Iyong lingkod. Maraming mga taon ang nakalipas, sa araw na ito, sa isang munting lumang payak na kahoy-kahoy na dampa, nung ang batang-bata ko pang nanay noon, mga labing-limang taong gulang pa lang noon, binuksan ang bintana, noong maagang umaga na 'yun, at umuha ako ng pinakauna kong munting pag-uha. Oh Panginoong Diyos, pinasasalamatan ko po Ikaw para sa bawat taon. Ikinahihiya ko po ang maraming mga bagay na nagawa kong mali. Dalangin ko na Iyong patatawarin ako. At ang nag-iisang pinanghihinayangan ko, Panginoon, ay di ako nakapaglingkod sa Iyo noong maliit na batang paslit pa lang ako. Iyo pong lingapin ako, Panginoon.

89 Oh Panginoon, kung nakasumpong ako ng kaluguran sa Iyong paningin, Iyo pong palakasin ang munting mahinang katawan na ito. Iyo pong papag-ibayuhin ang aking lakas. Iyo pong papag-ibayuhin ang kalakasan ng aking kabataan, gaya ng Iyong ginagawa sa mga agila, at itingala ang akin pong ulo, Panginoon, at ang puso ko nama'y mababa, nang sa gayon ako po'y makapaglakad, Panginoon, mismo, at maihayag ang Iyong pag-ibig sa mga tao. Iyong ipagkaloob sa akin ang mas malalim na pag-ibig, mas higit na pagpapabanal, isang mas malalim, na puspos na buhay, mas puspos na buhay, nang sa gayon ako po'y makapaglingkod sa Iyo.

90 Panginoon, Iyo pong ihayag ang Iyong kapangyarihan sa gabing ito sa gitna ng mga tao, sa pagpapagaling sa mga may sakit at mga nagdadalamhati, na magbigay patotoo sa Iyong pagkabuhay na mag-uli. At pupurihin Ka namin, sa Pangalan ng Panginoong Jesus ay hinihiling namin ito. Amen.

91 Gustung-gusto ko 'yan, Kapatid na babaing Gertie. Ilan po ang nakakaalam ng, "Banal, Banal, Banal, Panginoong Diyos na Makapangyarihan"? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sige't subukan po nating ihiging ito, nang sama-sama ngayon, nang minsan. Gustung-gusto ko. . . Ilan ang gustung-gusto ang mga makalumang mga awitin na ito? ["Amen."] Oh, sa inyo na ang lahat ng mumunti n'yong masagwang paindak-indak na, Elvis Presley, na boogie-woogie, haya't sa ngalan ng Cristianismo, sa inyo na. Ang ibigay n'yo lang sa akin ay itong mga makaluma't, tagos sa pusong, mga awitin ng pag-ibig ng Ebanghelyo. Siyanga, po.

Holy, Holy, Holy, Lord God of hosts.
Heaven and earth are full of Thee,
Heaven and earth are praising Thee,
O Lord Most High.

92 Hindi ba't may mabuting naibubunsod ito sa inyo? Sige't sumamba lamang, nang sama-sama, habang inaawit natin 'yan uli. Sumamba lamang ngayon, sa Diyos, na tila ikinukubli n'yo ang sarili n'yo, at sumamba lamang ngayon, habang umaawit tayo.

Holy, Holy, Holy, Lord God of hosts.
Heaven and earth are full of Thee,
Heaven and earth are praising Thee,
O Lord Most High.

93 Panginoong Diyos na Kataas-taasan, Ikaw ang naglagay ng araw sa mga pag-inog nito. Inilagay Mo ang buwan, ang mga bituwin. Sinukat Mo ang mundo sa palad ng Iyong kamay at umihip ng mga bituwin. Ikaw ay Diyos. Ibinangon Mo si Jesus mula sa patay, labing-siyam na libong taon ang nakararaan, at ipinakita na Siya'y buhay, upang kami'y pagkalooban ng pinagpalang katiyakan, na kami'y naghihintay na lang ngayon sa Pagparito Niya na Siyang uupo sa luklukan ni David at maghahari sa mundo sa kapayapaan at katuwiran. Di na namin kailangang magpakadalubhasa para sa digmaan. Mawawala na ang kagutuman ni kapighatian man. Mawawala na ang kalungkutan, mawawala na ang kamatayan. Ang mga dating bagay ay lilipas na. At, Oh Diyos, nalalapit na talaga!

94 Iyo pong palakasin ang mga puso ng Iyong mga anak. Iyong ipagkaloob sa amin, ngayong gabi, ang aming mga mithi. Hindi para sa aming sarili, Panginoon, kundi upang magkamit kami ng isang patotoong sariwa sa aming puso ukol sa pagkabuhay Niyang mag-uli. Ipinakukumbaba ko ang puso ko at ako po'y nagsusumamo sa Iyo na tulungan ako. At ang mga taong narito ay ipinakukumbaba nila ang kanilang puso at nagsusumamo na Iyong tulungan sila, na sama-sama'y makita mismo namin ang nagbangong Panginoon.

95 Pumarito Ka po sa kalagitnaan namin, Panginoon. Iyong pabanalin ang iglesyang ito. Hiling ko'y ang mga kahabagan ng Diyos. Panginoon, huwag Mo po kaming hatulan. Di po namin hiling ang kahatulan. Ang hiling po nami'y kahabagan. Iyong ipagkaloob sa amin ang kahabagan, Oh Walang Hanggang Diyos, at ihayag ang Iyong pag-ibig at Presensya sa amin. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

96 Oh, nakakaramdam ako na gusto kong sumamba pa nang husto. Puspos na puspos po ang puso ko! Grabeng katiyakan! Si Jesus ay bumangon mula sa patay.

97 Hindi po ito kuwento-kuwento tulad ni Santa Claus. Kung ako'y magkukuwento ng mga bagay na huwad sa harap ng

inyong mga anak, patawarin n'yo ako; di ko sinasadya. Pero ako po'y naniniwala na dapat katotohanan ang sabihin sa ating mga anak. Kita n'yo?

98 Katotohanan ang hangad kong malaman. Ikinukuwento nila sa akin ang tungkol kay Jesus. Kung di Siya nagbangon mula sa patay, kung ganun isang kathang-kuwento lang 'yun. Kung di Siya siya pa ring kahapon, ngayon, at kailanman, kung ganun kuwentong-katha lang 'yun. Kaya naman, Siya'y patay, kung di Niya pinatutunayan ang Kanyang Sarili na nagbangon na Diyos.

99 Pero ako nga'y nagagalak na nagbangon Siya mula sa patay, at nabubuhay Siya ngayon. Narito Siya. At ito pong sagradong buhanginan, gaya ng ipinapangusap ko kaninang umaga, wala pong makawawaglit nun mula sa puso n'yo. Nawa'y imulat ng Diyos ang inyong mga mata, ngayong gabi, manlalakbay, at ipaalam sa iyo na ang Kanyang Anak ay nagbangon mula sa patay, at narito mismo para ihayag ang Kanyang Sarili.

100 Ngayon, tinanong ko si Billy kung ilan ang ipapanalangin. Hindi niya alam. Ilan po rito ang nagnanais ng panalangin, na ang katawan ay may sakit, itaas lang ang inyong mga kamay, sa buong panig ng gusali. Sa lahat ng dako ng gusali, na ibig ito. Masyadong marami, kita n'yo, lampas . . . Dalawang-katlo ng mga narito. Masyadong marami kung magpapapila para sa pananalangin. Di natin kayang gawin. Nasabi ko na mamigay ng mga card. At sige't susubukan nating papilahin sila at sila'y mapadaan, sa abot ng dami na makakaya natin. At sa tingin ko . . . Nakapamigay ba kayo ng sandaan? Sige. Sige't, namigay siya ng sandaang mga card, at di kasya sa gusali't masikip na masikip sa dalawang daan at limampu, sa palagay ko, o parang ganun. Kaya, marahil, marami rito . . .

101 Ilan po ang walang prayer card, at nagnanais kayo na mapagaling ng Diyos? Itaas n'yo ang inyong mga kamay, saan mang dako ng gusali, na walang prayer card. Halos kalahati. Sige. Ngayon may isang lehitimong paraan lang na maaari nating gawin.

102 May bagay po rito sa isipan ko. May bagay rito sa puso ko. Di ko ito masabi hanggang sa mabatid ko mismo kung ano ito na sasabihin ko. Nananalangin ako. Humahawak ako sa Diyos. Ako po'y babalik sa likurang bahagi ng ilang. Kailangan kong—kong—kong katagpuin muli ang Diyos. May kung anong bagay talaga. Kinakailangan kong makabalik sa buhanginan na 'yun, kung nasaan ako mga ilang taon ang nakalilipas. Nais kong makipag-usap mismo sa Kanya. Nakita ko—nakita ko Siya sa pangitain, nang dalawang beses. Umaasa ako na makita Siya uli bago ako umalis. May bagay akong nakita sa mga Kasulatan. Di ko—di ko—di ko alam. Nasa puso ko na ito noon pa. At sa tuwing magsasalita ako tungkol dito, may bagay na nangyayari. At ako'y isa lamang na . . . Ako'y nasa . . . Ako'y—

ako'y nasa isang dako, di ko alam ang gagawin. Naniniwala ako na ang pagmi-ministeryo na ito na taglay ko ngayon ay unti-unti nang humuhupa, na may kung anong mas dakila ang papalit. Itong susunod na sanlinggo o dalawa, magpupunta ako sa sagradong buhanginan, kung makakaya ko, sa likod ng disyerto, para sumpungan kung magagawa kong kaugnayin ang Panginoon. Hindi ako makakapahinga, hindi ako matatahimik, hanggang sa masumpungan ko Siya, hanggang sa masumpungan ko kung ano ba ito. Di ko 'yun maunawaan pa. Kailanman ay di pa Niya ako binigo; naniniwala ako na kahit sa pagkakataong ito'y di Niya ako bibiguin. Ibinibida ko ito. Nananalangin ako na tutulungan Niya ako.

103 Hindi dahil sa di ko—di ko—di ko gusto 'yun. Haya't, ako po'y makababalik rito at mangangaral, at puwede namang umusad na lang. Sa tingin ko may sapat naman akong mga kaibigan na para bang tutulong para ako'y asikasuhin. Pero di po 'yun 'yun. Di 'yun ganoon. Itong pagmi-ministeryo na taglay ko, maipagpapatuloy ko ito, kung ang Diyos lamang ay kasama ko. Makakapagpatuloy ako.

104 Pero ang puso ko'y di nalulubos. May kung anong malalim na tumatawag sa Kalaliman. May kung anong bagay na haya't kumikilos mismo. Mukha ngang mailalagay ko ang mga kamay ko roon, pero, "Nasaan po ito, Panginoon?" Hindi ito para sa akin. Ito'y para sa Kanyang mga hirang. Ito'y para sa mga anak ng Diyos. Ako ay hain lamang.

105 Matanda na ako. Paubos na ang—ang araw ko. Ang mga araw ng kabataan ko ay lumipas na. Ang isang lalaking apatnapu't siyam na taong gulang ay di na bata pa. Alam natin 'yan. Isa pang taon at ako'y singkuwenta na. Di na ako bata. May mga anak na akong pinalalaki. Yan po ang totoo.

106 Pero, kapatid, ang mahalaga'y may gawain ako ng Diyos na dapat gampanan, higit sa lahat. Kinakailangan kong malaman kung ano itong masidhing paghahangad sa akin. Kailangan kong umalis hanggang sa masumpungan ko ito. Kailangan kong sumpungan Siya, saan mang dako ito. Kinakailangan kong alamin.

107 Sa pagkakaalam ko may mga nakaupo rito, na mula pa nung mga sampu o labing-dalawang taon ang nakalilipas, ay narito na sa tabernakulo na ito, nung magsabi ako ng ganoong pahayag din dito isang beses. Mga ilan po ang nakakaalala rito tungkol dun? Haya't tingnan n'yo nga ang matatandang mga kamay na mga natitira pa. "May bagay rito," sabi ko, "may kung anong bagay, na halos mahawakan ko na ito. Nalalapit na." Wala akong kamalay-malay noon, matapos na mangusap nung Anghel dun sa may ilog dito, sa harapan ninyong lahat, at nagsabi, "Kung papaanong si Juan ay ipinadala bilang tagapanguna sa unang Pagparito, maghahatid ka ng isang Mensahe sa buong mundo."

Nangyari 'yun. Bawat bansa'y may mga gawain na mismo ng pagpapagaling ngayon, sa buong mundo, maski doon sa Rusya. Siyanga, po. Sa lahat ng dako, may mga nagaganap na mga gawain ukol sa pagpapagaling, kung saan humupa 'yun noon.

108 Ngayon may mas higit na dakilang bagay na kumikilos. May isang . . . Hinihintay ko lamang na marinig ang kaluskos ng paghahagibis sa mga dahon ng morales. Aalis po ako't tutungo. Ipanalangin n'yo ako.

109 Ngayon, yamang narito ako sa pagmi-ministeryo na ito, ang kahayagan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo. Kung Siya'y nabubuhay, tutuparin Niya mismo ang bawat pangako. Sino ang nagpapanatili sa Kanya na nabubuhay sa dalawang libong taon na ito? Sino ang nagpapanatili sa Walang Hanggan na Liwanag na patuloy ang pag-aalab? Ngayon ay panahon na ng gabi. Ang kahayagan ng bagay na ginawa Niya noon, tulad ng ginawa Niya bago ang pagkakapako, Kanyang inihayag ang Sarili sa mga alagad. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri nang isang beses—Pat.] Napagkilala nila 'yun, kaagad, na Siya mismo 'yun. Ngayon gagawin din Niya ito.

110 Ilan po rito ang nakapunta na sa ibang pagtitipon ko? Sige po't patingin ng inyong mga kamay, sa buong gusali. Sa tingin ko'y sandaang porsiyento, kaya di ko na kailangang isa-isahin sa inyo. Alam n'yo na kung ano ang aasahan n'yo.

111 Ilan po ang nasasabik at naghihintay na makita Siya muli, ngayong gabi, isang pagtunghay sa eksena, "Ikaw ba si Jesus na nabuhay na mag-uli?" Pagpalain kayo ng Diyos. Ngayon upang ipakita lamang na Siya'y buhay.

112 Ano po 'yun? [May nagsasabi, "X."—Pat.] Sige. Tayo po lamang ay . . . Di natin kayang tumawag ng masyadong marami, nang minsanan. Puwede tayong magpatayo ng, marahil, apat o lima nang minsanan, o kung ano. Sige po.

113 Sige't simulan na natin ang mga prayer card ngayon, at unti-unti silang patayuin. Kunin natin ang bilang isa. Sino po ang may hawak? Tingnan n'yo ang card n'yo. Bilang isa. Isa? [May nagsasabi, "Nandito po, Kapatid na Bill."—Pat.] Oh, pasensya na. Sige, binibini. Isa. Bilang dalawa. Bilang tatlo. Maaari po ba kayong tumayo, kung sino man ang may hawak ng bilang tatlo? Bilang apat. Bilang lima. Bilang anim. Di ko po nakikita ang bilang anim. Isa, dalawa, tatlo, apat, lima. Bilang anim. Sige po. Bilang pito. Bilang pito, sige po. Dito lang po. Tapos, walo, bilang walo. Bilang siyam. Sige, po. Bilang sampu. Sa likuran . . . Sige't tingnan na natin kung ilan na . . . ["Sampu na."] Sige. Sige't simulan natin doon, at siguro'y tingnan pa natin, kung kaya pa natin ng ilan pa.

114 Ilan po rito sa gusali ang di nakakakilala sa akin? Na di ko kayo kilala, at nagnanais kayo na pagalingin kayo ng Diyos,

itaas n'yo ang inyong kamay. Lahat ng nakatitiyak na di ko kayo kakilala. Sige. Magpitagan lamang po.

115 Ngayon, ang ating Panginoong Jesus, nung lumakad Siya noon dito sa lupa. . . Nung nagpapapila sila ng mga tao noon. Ang atin pong Panginoong Jesus, nung lumakad Siya noon sa lupa, di Siya kailanman nag-angkin na tagapagpagaling. Ilan ang nakakaalam n'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang sabi Niya, "Ang Ama Ko ito na nananahan sa Akin." Ilan po ang nakakaalam na sinabi Niya 'yan, "Wala Akong gagawin na anuman sa Sarili Ko; kundi kung ano ang ipinakita ng Ama na gagawin, 'yun ang gagawin ng Anak"? ["Amen."]

116 Ngayon, at nung makasumpong Siya ng isang lalaki sa isang—isang. . . yaong lalaki. Haya't ipinahayag Niya ang Sarili Niya sa harapan ng mga lahing Judio. Nagpamalas Siya ng isang himala, sa pamamagitan ng pagsasabi sa lalaki kung saan siya naroon at kung ano ang ginagawa nito. At naniwala sila sa Kanya.

117 At nung ihayag Niya ang Kanyang Sarili sa mga lahing Samaritano, sinabi Niya sa isang babae ang lihim nito, at ang babae'y naniwala sa Kanya, at ang buong lahi nito mismo. Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

118 Pero alalahanin n'yo, di Niya 'yan ginawa sa isang Gentil, ni kailanman sa harapan ng isang Gentil. Dahil. . . Ilan po ang nakakaalam na ito na ang dispensasyon ng mga Gentil? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Haya't ang mga Liwanag na panggabi ay dumating na ngayon. Ano bang uri ng Liwanag ang nagliwanag ngayon? Ano bang uri ng Liwanag ang nagliliwanag mula sa Anak na palubog? Ang siya ring Anak na sumisinag sa Silangan noong Ito'y sumikat. Naniniwala ba kayo riyan? ["Amen."] Yun ba ang siya ring Anak na naglakbay sa buong lapad ng mundo noon? ["Amen!"] Ang siya ring Anak na sumilip at nagpaaninag ng isang Liwanag sa dakong 'yun dito. At talagang madilim sa buong maghapon, makulimlim na araw mismo; at pagkatapos, bago mismo lumubog ang Anak, nagliwanag uli Ito. Yun nga'y magiging siya ring parehong Liwanag na nagpaaninag doon noon. Ito'y nagliwanag sa Samaritana at sa Judio, noon, pero hindi sa isang Gentil noon; kaya marapat lamang na Siya nga'y magliliwanag ng siya ring parehong Liwanag sa mga Gentil, nang sa gayon ay maging siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Tama po ba? ["Amen."] Ngayon, kayo po'y manampalataya.

Ngayon Kapatid na babaing Gertie, nang sadyang taimtim lamang, maya-maya.

119 Ngayon, sa pilang ito para sa pananalangin, napakarami sa inyo, sa palagay ko, ang di ko kakilala. Ilan kaya sa inyo riyan, ang di ko alam kung anong suliranin sa inyo, o may nalalaman

man ako na kahit ano tungkol sa inyo? Kayo ang nakakaalam. Itaas n'yo ang inyong mga kamay, kayo na nariyan sa pila para sa pananalangin, na nababatid na wala akong nalalaman na kahit na ano tungkol sa inyo.

120 Ilan po sa mga naritong nakikinig ang nababatid na wala akong nalalaman tungkol sa inyo. Di mahalaga kung kayo'y taga-rito sa palibot, ngayon, wala akong nalalaman na ano man tungkol sa inyo. Buweno. Buweno. Manampalataya lamang.

121 Ngayon, ang ating Panginoon ay nagtutungo noon isang beses para—para buhayin ang isang munting, patay na batang babae, at may—may babae na humipo sa Kanyang damit. At Siya nga'y lumingon at nagsabi, "Sino ang humipo sa Akin?" At ang lahat ay nanahimik. Ikinaila nila na hinipo nila Siya. Pero Siya nga'y tumingin sa paligid . . .

122 At may ilan sa kanila na pinagsabihan Siya, si Pedro, ang sabi, "Panginoon, papaano Mo masasabing sino ang 'humipo' sa Iyo, gayong ang buong madla rito'y nasasagi-sagi Ka?"

123 Sabi Niya, "Pero Ako—Ako . . . May bisa na umalis mula sa Akin," ang ibig sabihin, "lakas."

124 At tumingin Siya sa paligid hanggang sa makita Niya kung sino ang . . . Haya't papaano Niya nalaman kung sino 'yung babae? Yun kasi'y sariling pananampalataya ng babae; dahil, sinabi Niya na ganoon nga. "Ang pananampalataya mo ang nagligtas sa iyo. Ang pag-aagas mo ng dugo, na mayroon ka, ay wala na. Pinagaling ka ng pananampalataya mo."

125 Yun nga si Jesus Cristo ngayon, na siya ring kahapon. Kung magagawa Niya ang siya ring bagay ngayon, kung ganoon ay pinatutunayan Niya na Siya'y ganun pa rin.

126 Mukha ngang nakikilala ko ang babaing ito rito. Ikaw ba ang una? Ikaw ba ang . . . Marahil namumukhaan kita. Di lang kita kakilala. Pero ang mukha mo ay pamilyar. Di ko alam. Pero, anuman, tumayo ka rito't lumapit lang pansumandali. Gusto ko lang sabihin, na di kita kakilala . . . Marahil di ko nga. Di ko alam ang pangalan mo. Pero mukha ngang nakita na kita noon, at siguro'y nakita ko na nga. Pero di ko alam kung anong ipinunta mo rito. Wala akong ideya kung ano ang ipinunta mo rito. At di ko rin alam kung kakilala kita. Pero mukha lang na . . . Pamilyar ka, ang mukha mo. Marahil kakilala ba kita? Ikaw—ikaw, di kita kakilala. Sige, kung ganoon isa kang hindi kakilala. Ang mukha niya'y parang pamilyar sa akin. Hindi ko lang alam. Gusto ko lang makasigurado.

127 Ngayon ang lahat ay nakababatid, kung mayroong pagka-espirituwal sa inyo, na anuman, batid n'yo na may kung anong bagay na nangyayari ngayon. Oh, inyo bang—inyo bang . . . Di n'yo dapat nararamdaman 'yun, pero nararamdaman n'yo nga. Alam ko na ang Anghel na 'yun ng Diyos ay narito mismo sa

may pulpito. Nakikita n'yo ba ang litrato na 'yan, ang Liwanag na 'yan? Ang Liwanag na 'yan ay narito ngayon.

Sasabihin n'yo, "Di ko naman nakikita Ito."

128 Maging sila noon ay di nila nakita 'yung Mga Anghel na nagsabi sa kanila, "Sinabi na Niya ito sa inyo sa Galilea." Sila nga'y naroon noon.

129 At narito Siya. Siya si Cristo, ang Isa na bumangon. Ilan ang nakakaalam na si Cristo ay nasa anyo ng isang Liwanag, ngayon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Tunay. Sinasabi ng Biblia na Siya nga.

130 Ngayon kayo nga'y magpaka pitagan ngayon. Huwag po kayong palakad-lakad sa paligid. Kung saan kayo, manatiling nananalangin.

131 Ngayon kung estranghero po tayo sa isa't isa. . .Haya't ang Panginoong Diyos, kung Siya'y. . .Kung may sakit ka, at kung magagawa ko lang na pagalingin ka, gagawin ko—gagawin ko; pero di ko magagawa. Di ko magagawa, dahil nagawa na ito. Ginawa na ito ni Jesus nung mamatay Siya sa Kalbaryo, nabuhay. Pinatunayan na Niya mismo. At ngayon, kung ihahayag Niya sa akin kung ano ang ipinunta mo rito.

132 Ngayon, kung nakatayo Siya rito, suot-suot ang amerikana na ito, makikilala nga Niya kung sino ka. Malalaman Niya, kung ihahayag sa Kanya ng Diyos. Sabi Niya, "Hindi Ako gagawa ng anuman hanggang sa ipakita sa Akin ng Ama kung ano ang gagawin." At kung nandito Siya, at maghahayag Siya sa iyo, marahil kung sino ka, kung taga-saan ka, kung ano ang pangalan mo, kung ano ang ginawa mo bago ka nagtungo sa gawain, o kung ano ang nariyan sa puso mo, o kung ano na parang ganoon. Pero, pagdating sa kagalingan, isa itong tapos na gawa. Tapos na ito. Ngayon, kung gagawin Niya ang siya ring bagay, nananampalataya ka ba na makukuha mo mismo ang hinihiling mo?

133 Maaari bang ang mga nakikinig ay itaas n'yo ang inyong kamay sa Diyos, na sinasampalatayanan n'yo rin ito, siyanga rin, kung Siya'y maghahayag sa babaing ito? Ang babae mismo ang magsabi. [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

134 Ngayon kung may iba na gustong humalili sa puwestong ito, malaya kayong humalili.

135 Ngayon ito po 'yung punto na mabubuko ako kung ako'y nagsisinungaling, at ang Salita ng Diyos ay di totoo, o kung ako ba'y nagsasabi ng Katotohanan at ang Kanyang Salita ay totoo mismo. Siyanga. Hayan nga. Wala pong—wala pong lusot dito. Ito mismo ang magpapakita. Ito mismo ang maglalantad.

136 Ngayon kung ang babae po'y may sakit, tapos ipapatong ko lang ang aking mga kamay sa kanya, sasabihin, "Gagaling ka, kapatid na babae," salita ko lang 'yung panghahawakan

niya. Pero kung ang Espiritu Santo'y maghahayag ng isang bagay na nangyari sa buhay niya, sa nakaraan, haya't alam niya mismo kung totoo ba 'yun o hindi, bagay na nangyari sa nakaraan. Kung natatalos Niya kung ano 'yun na nangyari noon, tunay na nababatid Niya rin kung anong mangyayari. Hindi po ba't sinasampalatayanan n'yo 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

137 Nawa'y ipagkaloob Niya ito ngayon sa iyo, kapatid kong babae. Mangyari rin na sinasabi ng mga narito na lahat sila'y sumasampalataya.

138 Haya't ikaw at ako, estranghero tayo, sa isa't isa, at ito ang unang beses na nagkita tayo; hayan ka nga na nakatayo riyan, may bagay na suliranin. Di ko alam kung ano ito. Di ko alam. Dahil di kita kakilala, at kaya papaano ko malalaman kung ano—kung ano ka, kung anong suliranin sa iyo? Pero alam nga ng Diyos kung anong suliranin sa iyo.

Ngayon magpitagan lamang po nang husto.

139 Ngayon, ang ginang ay di naparito para sa sarili niya, unang-una. Naparito ka para sa ibang tao; sa isang munting bata. At may suliranin ito sa . . . May pagka nerbiyos. Isang apong lalaki, sa palagay ko, apo mo. At may bagay na kakatwa. Nakikinita ko ang bata sa isang siyudad na hindi ang siyudad na ito. Mukhang New Albany. Tama. At may pagkanerbiyos ang bata. May kung anong suliranin sa atay nito, 'yun ang sabi nila. Suka nang suka. Ganoon nga. Nababagabag ka dahil dito, at kaya nakatayo ka rito para dun. Ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

140 Ikaw mismo ang magpatotoo. Ang mga bagay bang ito'y totoo? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Amen."—Pat.] Di ko alam itong sinabi ko sa iyo. Batid 'yan ng teyp. Sinabi Nito sa akin. Sasabihin Nito sa akin. Ngayon, ito nga'y para sa ibang tao, siyanga. Ipatong mo ang panyo na ito sa tao na 'yun, 'yang panyo na 'yan na nasa kamay mo habang ang pahid na 'yun ay nasa sa iyo pa, at huwag kang mag-alinlangan, at tatanggapin mo ang hinihiling mo. Kung alam Niya kung ano ang nakaraan, alam nga Niya ang mangyayari sa hinaharap. Huwag ka pong mag-alinlangan. Humayo ka, na sumasampalataya.

141 Kumusta ka naman, ginoo? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Purihin ang Panginoon."—Pat.] Sa palagay ko estranghero tayo sa isa't isa. ["Tunay po."] Estranghero tayo. ["Di pa kita nakikita noon, sa buong buhay ko, hanggang nitong umaga."]

142 Ang sabi'y di pa niya ako nakikita noon, sa buong buhay niya, hanggang nitong umaga kanina. Ngayon, ang lahat po'y magpitagan nang mainam ngayon. Ang pahid ay talagang kumikilos na mismo ngayon, kita n'yo. Kung magagawa ko lang sana na ipaliwanag ito.

143 Pero haya't nakikilala ka mismo ng Diyos, ginoo. At kung ihahayag sa akin ng Panginoong Diyos ang suliranin sa

iyo, tatanggapin mo ba Siya bilang iyong tagapagpagaling, o Tagapagligtas, anuman ito na pangangailangan mo sa Kanya? Tatanggapin mo ba? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Tunay na tatanggapin ko."—Pat.] Ngayon kapag biglang dumating ang pangitain, pakinggan mo lamang ito. ["Amen."]

144 Sinusubukan mong lumakad sa sahig. At may kung anong bagay ito sa iyong tuhod. Artritis ito sa iyong tuhod. Mayroon ka ring suliranin, siyanga, sa iyong mga mata. Palabo ito nang palabo. [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Tama po."—Pat.] At may suliranin ka sa tainga mo. ["Tama po."] At may suliranin ka sa tiyan mo. ["Tama po, ginoo."] Totoo 'yun. ["Wala pong pasubali. Sadya ngang totoo na mapapatotohanan ko."] Di ka taga-rito sa siyudad. Taga-Somerset, Kentucky ka. ["Tama po."] Ang pangalan mo ay G. Hudson. ["Tama po."] Ngayon makababalik ka na, manampalataya lang nang buong puso mo, at ikaw ay gagaling. Manampalataya ka nang buong puso mo.

145 Kayo ba'y nananampalataya nang buong puso n'yo, bawat isa? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Magkaroon kayo ng pananampalataya sa Diyos. Huwag mag-alinlangan, bagkus manampalataya lamang.

146 Nakikilala ka nga ng Panginoong Diyos, kapatid na babae. Nananampalataya ka ba na magagawa Niyang ihayag sa akin kung ano ang ipinunta mo rito? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Nananampalataya po ako. Nababatid ko."] Kung gagawin Niya, iyo bang tatanggapin ito? ["Opo."]

[Sandaling huminto si Kapatid na Branham at humarap sa kongregasyon—Pat.]

147 Ang malaking lalaki na ito na nakaupo rito, oo, naniniwala akong estranghero tayo sa isa't isa, ginoo. [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Opo, ginoo."—Pat.] Pero haya't mga ilang sandali lang ang nakararaan, nung nakikipag-usap ako sa lalaki na 'yun, may bagay na nangyari sa iyo. Sinabi mo sa puso mo, "Sinasampalatayanan ko 'yun." Haya't 'yun ang totoo, di ba? ["Amen."] Kung ihahayag sa akin ng Panginoong Diyos kung ano ang ibig mo na mapagaling, tatanggapin mo ba? ["Opo."] May kung anong ubo ka na gumagambala sa iyo. Tama. Itaas mo ang kamay mo. Buweno. Kung sasampalatayanan mo ito, mawawala na ang ubong ito sa iyo. Lalayas ito mula sa iyo. Sampalatayanan mo.

148 Ano ang hinipo niya? Ano ang ginawa niya? Ang Dakilang Saserdote ang hinipo niya, hindi ako. Di maaaring. . .di ko pa nakikita ang lalaki na ito. Wala akong nalalaman na anuman tungkol sa kanya.

149 Sumasampalataya ba kayo na ang nabuhay na mag-uling si Jesus ito? Hindi ba't ito ang siya ring bagay mismo na ginawa Niya pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, para patunayan na Siya itong siya ring Isa na ito? May magsasabi,

"Anong uri ng espiritu 'yun?" Ang espiritu nga'y magpapatotoo sa sarili nito sa tuwina. Ang. . . Tayo ang mga sanga; Siya ang Puno ng Ubas. Ang isang baging ng kalabasa'y magbubunga ng mga kalabasa; ang isang puno ng ubas ay magbubunga ng ubas; ang puno ng mansanas ay magbubunga mismo ng mga mansanas. Ang Cristianong pamumuhay ay ibubunga si Cristo. Hindi 'yun kataka-takang bagay.

150 Humihina ang mga mata mo, at nais mo ng panalangin para sa iyong mata. Tama, hindi ba? Tama nga. Itaas mo ang kamay mo. Kita mo, hindi kita kakilala, pero nakikilala ka ng Diyos. Mangyari nga na ang iyong buhay, di mo ito maitatago.

151 Heto, may nakikinita pa ako, isang ospital. Ngayon sandali lamang po. Hindi ito isang pagsusuri sa mata. Hindi. Isa itong pag-oopera. Hindi ikaw. Isa itong kaibigan mo, na sumailalim sa isang pag-oopera. At kung ano ito, pag-oopera sa napatid na ugat, at ikinatatakot mo ito, dahil alam mo na iba ito sa basta pagkapatid ng ugat lang. Siyanga. Yun ay sa Corydon, Indiana. Tama. Sinasampalatayanan mo ba 'yan ngayon nang buong puso mo? [Sinasabi ng isang kapatid na babae, "Tunay po."—Pat.] Humayo ka, at tanggapin mo ang hiling mo. ["Salamat po."] Sa Pangalan ng Panginoong Jesus.

152 Namumukhaan kita. Kung di ako. . . Mangyari nga, na ito'y pahid, kita mo. Pero, sa abot ng mainam na naaalala ko, hindi ba't isa kang mangangaral? Kita n'yo, gusto ko lang makatiyak, nang sa gayon makita ng—ng kongregasyon na di ito. . . Na may bagay, kapag kilala ko ang isang tao, sadyang kilala ko—kilala ko sila. Pero di ko alam kung anong ipinarito mo. Wala akong ideya. Kung tama, itaas mo ang iyong kamay. Di ko alam kung anong ipinunta mo. Pero ang alam ko'y isa kang mangangaral mula rito sa banda ng Blackiston Mill, o kung saan sa banda n'yan. Dahil, nakabisita ka na sa bahay ko isang beses, sa pagkakaalala ko, para ipanalangin ang isang sanggol o kung ano. Na. . . Hayan nga. Naaalala ko na tungkol 'yun sa isang sanggol. Hayan nga.

153 Pero heto't nagdurusa ka sa kung anong uri ng suliranin sa bituka mo. Hayaan mong sabihin ko sa iyo, nang sa gayon ay malaman mo kung ako ba'y lingkod ng Diyos o hindi. May bagay ka riyan sa puso mo, na gusto mong ipanalangin, at ito'y isang batang babae na pilay. Wala siya rito ngayon. Nandun siya sa tawid ng ilog lang. Nasa Kentucky siya. Ngayon ikaw nga'y manampalataya nang buong puso mo, matatanggap mo ang hiling mo. Amen.

154 Sumasampalataya ka ba? Kung sumasampalataya ka, iyong matatanggap. Huwag mag-alinlangan. Ang mga tao kaya riyan sa likod? Kayo ba'y sumasampalataya mismo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen." Huminto pansumandali si Kapatid na Branham—Pat.]

155 Diyan sa likod na likod, isang itim na ginang na nakaupo sa bandang kaliwa, siya'y may suliraning pambabae, na nakaupo riyan, sa bandang kaliwa. Kung mananampalataya ka nang buong puso mo, ginang, matatanggap mo ang kagalingan mo. Sumasampalataya ka ba? Siyanga. Yang itim na ginang na nakaupo sa may tabi ng haligi, sa tabi ng isang lalaki. Nakataas ang kamay niya ngayon. May sakit kang pambabae. Buweno. Pinagaling ka na ng Panginoong Diyos, kapatid na babae. Pinagaling ka na ng pananampalataya mo.

156 Hindi n'yo ba nakikita ang Liwanag na 'yun na nakalutang sa ibabaw ng babae riyan? Tingnan n'yo roon.

157 Oh, kamangha-mangha! Hindi nabibigo kailanman ang Panginoong Diyos. Magpitagan po. Oh, nagagalak akong lubos na Siya'y nabubuhay. Nabubuhay Siya sa ating puso.

158 [Isang kapatid na babae, ang napupuspos, ang nagsimulang sumigaw—Pat.] "Kung makasasampalataya ka, ang lahat ng mga bagay ay mapangyayari."

159 Sa palagay ko estranghero tayo sa isa't isa. Di kita kakilala. Di pa kita nakikita kahit kailan. Pero nakikilala ka ng Diyos. Kung nakita na kita noon, di ko alam. Pero kung ihahayag sa akin ng Panginoon kung ano ang itinayo mo rito, ikaw ba'y makasasampalataya na ako'y lingkod Niya, sasampalataya na Siya'y nagbangon mula sa patay? Yamang di tayo magkakilala, haya't may kung anong uri mismo ng kapangyarihan ang maghahayag nito sa akin, kung ano ang ipinarito mo. Haya't naparito ka dahil sa varicose na ugat na ipinapanalangin mo. Siyanga.

160 Ngayon manalangin kayo sa iba pa, at alamin n'yo kung ako ba'y lingkod talaga ng Diyos. Haya't manalangin lamang sa iba pa, at tingnan n'yo kung hindi ba't ihahayag Niya ito.

Sinasampalatayanan n'yo ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

161 Buweno, siya'y may pagkanerbiyos, at may suliranin siya sa bato. At nakatira siya sa Corydon. Tama, di po ba? Kung ganun, sumasampalataya ka ba? Ngayon humayo ka't tanggapin ito gaya ng pagkakahiling mo.

162 Hinahamon ko kayo. Hinahamon ko ang pananampalataya n'yo na sampalatayanan ito. Saanman kayo sa gusali, hindi mahalaga kung nasaan kayo, sampalatayanan n'yo ito.

163 Diyan sa likod na likod, sa kabataang lalaki na nakatayo sa likod, na nananalangin para sa kanyang kaibigan na taga-Fort Wayne, na isang bulag. Nananampalataya ka ba na siya'y pagagalingin ng Diyos? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Amen."—Pat.] Buweno, kung ganoon ay matatanggap mo ito.

164 Sige pa't ang ilan sa inyo riyan sa likod, manampalataya lang. Diyan sa likod, na likod, manampalataya lang. Subukin, inyo Itong subukin. Ang Diyos ay nahahabag.

165 Ang babaing itim na nakaupo riyan sa ibaba n'yo lang, na may tumor. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Panginoon, ginang; diyan sa mga upuan sa likod, pinaka likod na upuan, 'yung naka-munting, bilog na sumbrero, na nakataas ang kamay? Nananampalataya ka ba na pagagalingin ka mismo ng Diyos mula sa tumor na 'yan? Kung nananampalataya ka, itaas mo ang kamay mo at iwagayway sa Kanya. Sige. Kung ganoon makakauwi ka na't magaling na.

Oh, kahanga-hanga talaga Siya!

166 Heto ang isang binibini na nakaupo sa harapan lang niya, nakaupo sa looban, sa may bandang likod. Nananalangin siya para sa iba. Nariyan ang Anghel ng Panginoon na nakatayo sa tabi niya. At ang kaibigan niyang ito, na nananalangin . . . o ang ipinapanalangin niya, ay di taga-rito. Ito po'y sa isang munting bayan na maraming puno ng pino sa paligid. Sa Henryville, Indiana. [Sinasabi ng kapatid na babae, "Tama."—Pat.] At nananalangin siya para sa kanyang hipag na may sakit sa puso. Makasasampalataya ka ba? ["Amen."] Kung iyong masasampalatayanan ito, ikaw na nakaupo riyan sa may likod, manampalataya ka lamang sa Diyos at tanggapin mo ito. Sige.

167 Sige, binibini. Isa kang estranghero sa akin. Di kita kilala, pero nakikilala ka ng Diyos. Kung sinasampalatayanan mo ito, itaas mo ang iyong kamay, binibini. Ang binibini po na may suot na salamin. Sige, hayan na po.

168 Anong sa palagay n'yo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] "Ang Panginoon nating Diyos, Siya ang Diyos." Hindi Siya patay. Hindi Siya patay, bagkus Siya'y nabubuhay. At di lang Siya buhay, haya't narito mismo Siya.

Ito ba ang . . . [May nagsasabi, "Opo."—Pat.]

169 Tayo ba'y estranghero sa isa't isa, sa palagay ko? Ito ang unang beses nating pagkikita, sa palagay ko. Pero nakikilala tayong dalawa ng Diyos. Ano ang ikinatatakot mo nang lubos? At huwag mo nang isipin 'yung mga amoy at mga pabango, at kung ano pa. Sumantabi ka. Manampalataya lamang sa Diyos. Iyon ang ilagay mo sa isip mo. Umuwi ka at gagaling ka, kung makasasampalataya ka rito.

170 May ilang suliranin ka. Nakikinita ko na labas-pasok ka ng ospital; isa, dalawa, tatlong beses, na pag-oopera. At sa colon 'yun. Mga tumor, mistula, sa may colon. At di ka taga-rito sa siyudad. Isa kang taga-Kentucky. At taga-roon ka sa siyudad na napuntahan ko na, Campbellsville. [Sinasabi ng kapatid na babae, "Tama po."—Pat.] Gng. Vaughn, makakababalik ka na, at sampalatayanan mo lamang Ito. Mapapasaiyo ang hiling mo.

171 Sumasampalataya ka ba nang buong puso mo? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

172 Gusto mo bang umuwi’t kumain ng hapunan at wala na ’yang sakit mo sa tiyan? Sige, humayo ka. Manampalataya sa Diyos.

173 Gusto mo bang mawala na ’yang artritis mo at gumaling na? Humayo ka na sa daan mo, sampalatayanan ito.

174 Nananampalataya ka ba na pagagalingin ng Diyos ang sakit na ’yan sa puso? [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, “Tunay.”—Pat.] Humayo ka na sa daan mo. Sampalatayanan mo ito.

175 Itong lalaki na nakaupo rito sa may dulo, na nakasuot ng puting kamiseta. Hindi, si Kapatid na Funk po ’yan. Yung nasa likod niya. Nagnanais ka ng bautismo ng Espiritu Santo, hindi ba? Sige. Kung sasampalatayanan mo Ito, matatanggap mo Ito. Amen.

176 Anong sa palagay mo, munting ginang na nakaupo rito na may artritis, na nakatingin sa akin sa mukha? Ikaw, na taga-Middletown, Ohio. Hinahangad mo ba na sampalatayanan ito? Napakainam na pananampalataya ’yan, para sa isang tao na di Cristiano. Di ka nag-aangkin na isang Cristiano. Tama. Sige’t tatanggapin mo ba Siya ngayon bilang iyong Tagapagligtas? Sasampalatayanan mo ba Siya at tatanggapin Siya bilang iyong Tagapagligtas, na Panginoong nagbangon? Hindi kita kilala. Di pa kita nakikita kahit kailan. Siyanga. Pero kung tatanggapin mo Siya bilang iyong Panginoong nagbangon, diyan mismo sa puso mo, ang mga kasalanan mo’y patatawarin, at pagagalingin ka mismo ng Diyos. Itaas mo ang kamay mo sa Kanya at sampalatayanan Siya. Sige. Humayo ka na sa daan mo, at magbunyi sa kagalakan.

Hinahamon ko ang pananampalataya n’yo. Hinahamon ko na sampalatayanan n’yo ito.

177 Estranghero tayo sa isa’t isa, pero nakikilala ka ng Diyos. [Sinasabi ng kapatid na lalaki, “Kilala po kita, pero di mo ako kilala.”—Pat.] Kilala mo ako, pero di kita kilala. Siyanga ba? Nananampalataya ka ba na magagawang ihayag sa akin ng Diyos kung ano ang ipinarito mo? [“Amen.”]

178 Sige, ilan po ang sasampalataya rito? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

179 Oh, papaano n’yo nga ito hindi masasampalatayanan? Hindi ba’t ang Diyos . . . Hindi pa ba nabubuksan ng Diyos ang inyong mga mata? Marami sa mga narito ang nakakakilala sa akin. Ako po’y lumaki kasama n’yo rito. Papaano ko . . . Sige’t balikan n’yo ang buhay ko, at siyasatin n’yo mismo kung may bagay ba akong nasabi noon na hindi ba’t ganap mismo na nangyayari na Katotohanan. Siyasatin n’yo mismo at tingnan kung totoo ba.

180 Buweno, ano itong sinasabi ko sa inyo? Si Jesus Cristo'y nagbangon mula sa patay. Buhay Siya. Narito Siya. Ito ang Pasko ng Pagkabuhay. At matagal nang Pasko ng Pagkabuhay sa nakalipas na dalawang libong taon. Pero ang mga Liwanag ng gabi ay nagliliwanag na mismo ngayon. Nagliwanag Ito sa Silangan noon, haya't nagliliwanag na sa Kanluran ngayon.

181 Ginoo, maaaring magtagal ito nang maraming oras. Haya't sinasabi ng lalaki na di ko siya kilala . . . Marahil nakita na niya ako sa isang pagtitipon kung saan o sa kung saang dako. Di ko alam. Ang Diyos ang nakakaalam. Di ko alam. Di ko alam kung saan ko siya nakita noon. Di ko nga alam kung nakita ko na ba siya noon. Pero ang sabi niya nakita na niya ako noon. Kung ihahayag ng Diyos sa lalaking ito, ang isang bagay na siya ang nakakaalam, gaya ni Felipe nung pinuntahan at sinundo si Natanael at dinala siya roon, ilan ang magsasabi, "Sapat na ito kailanman, para sa akin"?

182 Maaari mo bang itaas ang kamay mo, para ipakita na di kita kilala. Itaas mo lang mga kamay mo kung di kita kakilala, na wala akong nalalaman tungkol sa'yo. Wala akong alam na anuman tungkol sa'yo, na di pa kita nakikita sa buong buhay ko, sa abot ng nalalaman ko.

183 Ngayon, kung ipagkakaloob sa akin ito ng Diyos, ilan ang magsasabi, "Tatanggapin ko Siya ngayon mismo bilang ang Panginoon na nagbangon, bilang aking tagapagpagaling"?

184 Ang mapagaling ka, di ko 'yan kaya, ginoo. Wala akong kapangyarihan para magpagaling. Ang tanging bagay lang na mayroon ako ay itong kaloob na ipinahintulot sa akin ng Diyos na gawin.

185 At ngayon dahil sa pagod at panghihina, halos patayin ako ng mga pangitain na ito. Mas malala, mas mahirap ito kaysa sa pangangaral, o pagtayo sa dakong bautismuhan. Mahirap po. Pero ang Diyos ay mabuti.

186 Pinahihirapan ka ng kung anong bagay na diperensya sa gulugod. At bukol 'yun, sabi nila, sa iyong gulugod. Yun nga mismo. Ngayon sasampalataya ka ba?

187 Ngayon tumingin ka. Habang lalo akong nakikipag-usap sa lalaki, mas marami ang mababanggit. Nais kong tanungin ka ngayon, magpitagan lamang. Magpitagan lang. Manalangin ka para sa iba, at antabayanan mo mismo kung ihahayag ito ng Panginoon. Hinihiling ko sa sinuman sa inyo na ganoon din ang gawin, sadya ngang magbulay sa inyong diwa.

188 Haya't, kita n'yo, walang kahit na anong masusumpungan sa akin. Di ko kayo kayang tulungan. Isa lang akong tao.

189 At, subalit si Jesus ay Diyos, at Siya'y narito. Hindi n'yo ba . . . Ang mga mata n'yo ba'y mulat para—para makita 'yun? Kayo ba'y nakakatanaw lampas sa tabing, para makakita? Sa

loob ng dalawang libong taon, Siya'y narito; Siya'y nakikipag-usap mismo sa inyo, sa Salita; Siya'y nakikipag-usap sa inyo, sa inyong mga pangangaral, mula noon. At heto na Siya mismo ngayon, na inihahayag ang Kanyang Sarili.

190 Sinisikap kong talusin ka sa puso ko. [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Ginagambala ako ng likod ko."—Pat.] Siyanga, nakikinita ko na ineeksamin ka. Nasa gulugod mo ito. Isa 'yung bukol. At nananalangin ka para sa iyong maybahay. Kung ipapakita sa akin ng Diyos kung anong suliranin sa maybahay mo, maniniwala ka ba na ako'y Kanyang propeta? Ang mga tainga niya. ["Tama po."] Di lang 'yan, haya't may nakikinita rin akong kabataang lalaki na lumitaw. Ang anak na lalaki mo. Kung ihahayag sa akin ng Diyos kung anong suliranin sa anak mong lalaki, maniniwala ka ba na ako'y propeta Niya? Ang mga narito ba'y sasampalataya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Naku, heto, isang sakit na pagka nerbiyos at sakit sa balat. Ganoon nga mismo. Yun ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Sumasampalataya ka ba na tatanggapin mo ang hinihiling mo? ["Amen."] Kung ganoon humayo ka na sa daan mo at magbunyi.

191 Ilan dito ang nananampalataya nang buong puso n'yo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

192 Ngayon may gusto po akong gawin ninyo para sa akin. Ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa isa't isa, pansumandali. Saanman 'yan na nakatayo kayo, ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa isa't isa.

193 Napakadakilang oras! Di n'yo ba nakikita, mga kaibigan? Di n'yo ba nauunawaan na hindi ito maaaring ako?

194 Sige, ang munting binibini na nakasuot ng salamin, na may sakit na pambabae, may pag-agas. Huwag mo nang alalahanin 'yan, kailanman, ikaw na nakaupo riyan. Tapos na ito. Ito po'y Nagliwanag na. Lumisan na ito mula sa iyo.

195 May Bagay na narito; Bagay na sobrenatural, Bagay na tunay. Nababatid Niya ang inyong mga pagkakasala. Alam na alam Niya ang lahat ng tungkol sa inyo. Hindi ba't Siya ang Panginoong Jesus? Kung ganoon, sinasabi ko sa inyo. Kung sinasabi ko sa inyo na 'yan ay katotohanan, at pinatunayan Niya mismo na 'yun ay katotohanan, sinasabi ko nga sa inyo ang katotohanan ngayon. Bawat isa sa inyo ay maaari mismong mapagaling sa sandaling ito ngayon, kung inyo lamang itong tatanggapin; hindi sa ulo n'yo, kundi mula sa puso n'yo. Kung kikilalanin n'yo lamang ngayon, na nasa Presensya kayo ng Diyos na pinaka makapangyarihan sa lahat, na Siya'y narito mismo ngayon, wala ngang dahilan para ang isang nanghihina ay lalabas sa gusaling ito na ganoon pa rin. Bawat isa sa atin ay makalalabas nang ganap na magaling na, kung inyo lamang itong sasampalatayanan. Kung dinirinig Niya ang panalangin

ko rito, diringgin Niya ang panalangin ko riyan. Haya't di lang ang panalangin ko ang dinirinig Niya, pati panalangin n'yo ay dinirinig Niya.

196 Ngayon, ang sabi ng Biblia, "Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman." Kanyang pinatunayan 'yan. Sinabi ng Biblia, "Ibinangon Siya mula sa mga patay." Kanya ngang pinatunayan 'yan. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

197 Ngayon may bagay akong gustong itanong sa inyo. Sinabi ito ni Jesus, Kanyang huling mga Salita bago Niya lisanin ang lupa, "Ang mga tandang ito'y lalakip sa kanila na mga sumasampalataya." Ilan po ang mga mananampalataya rito? Magsabi ng, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kayo itong mananampalatayang ito ngayon. "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga sumasampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga may sakit, sila'y magsisigaling." Totoo ba ang pangako na 'yan? ["Amen."] Buweno, kayo nga ang mga mananampalataya na ito. Ipinapatong n'yo ang inyong mga kamay sa isa't isa. Kung ganun, ang Biblia ay tama.

198 Ngayon ang bawat isa'y manalangin sa isa't isa, gaya ng ginagawa n'yo sa inyong mga simbahan. Ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa isa't isa, ang bawat isa'y manalangin sa isa't isa, habang ipinapatong n'yo ang inyong mga kamay sa isa't isa ngayon. Magpanalanginan lang sa isa't isa, habang ako po'y mananalangin ngayon.

199 Oh Panginoon, kung Ikaw ay dadako ngayong gabi at tatanggapin ang Iyong Iglesya, wala po kaming maidadahilan. Narito Ka. At kung papaano nga na ang larawan na ito'y nakasabit sa dingding, ng Haliging Apoy na nanguna sa mga anak ni Israel, Ikaw po'y siya pa ring Diyos sa gabing ito, na may taglay ng siya ring kapangyarihan at siya ring mga pagpapamalas. Nagbangon Ka mula sa patay, at ito mismo ang katibayan na Ikaw ay nagbangon mula sa patay. Ngayon, Panginoong Diyos, Ikaw po'y magpangyari lamang ng dakilang gawa sa mga puso ng mga tao. Patawarin ang bawat kasalanan, at pagalingin ang bawat karamdaman. Iyo pong tugunin ang kanilang pananalangin, Panginoon. At ngayon Iyong dinggin ang panalangin ng Iyong lingkod.

200 Hinahatulan ko ngayon ang bawat sakit, bawat demonyo, bawat kapangyarihan ng diyablo; at sinasabi mismo sa diyablo, "Lumayas ka mula sa mga taong ito. Lumabas ka mula sa kanila, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Anak ng Diyos. Lisanin mo ang mga taong ito. Ang mga kamay nila'y nakapatong sa isa't isa. Sila'y mga lingkod ng Diyos. Lumabas ka, Satanas. Inuutusan kita, sa Pangalan ni Jesus. Lumabas ka, at ikaw ay mawaksi sa

labas doon sa kadiliman, at huwag na silang gambalain pa. Sa Pangalan ni Jesus Cristo."

201 Ilan sa inyo ang nananampalataya na pinagaling na kayo ng Diyos ngayon? Tumindig kayo. Pilay man kayo, tumayo pa rin. Hayan nga. Hindi ba't sinasabi ko sa inyo, makikita n'yo ang kaluwalhatian ng Diyos? Kung may mga pilay rito na di makalakad, lumakad po kayo nang paroo't parito sa pasilyo. Kung mayroon man dito na bingi sa isang tainga, ilagay n'yo ang inyong daliri sa gumagana n'yong tainga at makinig kayo dun sa isa na di gumagana. Sa mga lipos ng dalamhati, na di makapagtaas ng kamay; itaas n'yo lang po. Si Cristo. . .Haya't tingnan—tingnan n'yo ang mga kamay na nagsisipagtaas, na mga kamay ng mga lipos ng dalamhati. Amen. Sinasabi ko na Siya'y narito.

202 Sige, Kapatid na Gertie.

> He lives, He lives, Christ Jesus lives today!
> He walks with me and He talks with me along
>   life's narrow way.
> He lives, He lives, salvation to impart!
> You ask me how I know He lives?
> He lives within my heart.

203 Ulitin, ng lahat na po! [Sinimulang ipalakpak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay—Pat.]

> He lives, He lives, Christ Jesus lives today!
> He walks with me, He talks with me along life's
>   narrow way.
> He lives, He lives, salvation to impart!
> You ask me how I know He lives?
> He lives within my heart.

204 Sige't ang lahat ng mga narito'y magsabi ng, "Hallelujah!" [Sinasabi ng kongregasyon, "Hallelujah!"—Pat.] Nabubuhay ang Panginoon! ["Nabubuhay ang Panginoon!"] Purihin ang Kanyang Pangalan! ["Purihin ang Kanyang Pangalan!"] Hallelujah! ["Hallelujah!"]

> He lives, He lives! (Iwagayway natin ang ating
>   mga kamay sa Kanya.) Jesus lives today!
> He walks with me, He talks with me along life's
>   narrow way.
> He lives, He lives, salvation to impart!
> You ask me how I know He lives?
> He lives within my heart.

205 Ilan po ang gustung-gusto ang lumang awitin na 'yan, magsabi ng, "Amen!" [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen!"—Pat.] Makipagkamay sa katabi n'yo. Sabihin, "Purihin ang Panginoon! Purihin ang Panginoon!" ["Purihin ang Panginoon! Purihin ang Panginoon!"] Purihin ang Panginoon! Purihin ang Panginoon! Sige.

*My Faith Looks Up To Thee*. Oh, kamang-. . .

> . . . faith looks up to Thee,
> Thou Lamb of Calvary,
> Saviour Divine;
> Now hear me while I pray,
> Take all my guilt away,
> Oh let me from this day
> Be wholly Thine!

206 Iyuko na natin ang ating mga ulo ngayon, nang mayroong pagpipitagan, sa Presensya ng walang papantay sa kalakasan at Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat. Ipagkaloob nawa ng Panginoong Diyos ang Kanyang pagpapala sa bawat isa. Nawa'y pagpalain kayo ng Panginoon, bawat isa, nang sagana, ipagkaloob sa inyo ang pinaka mainam. Nawa'y ang biyaya Niya'y maglumagak sa inyo, sa bawat isa na nakataas ang kamay para sa kanilang kagalingan. Huwag n'yo itong di tatanggapin. Marami ang naligtas. Marami ang tumanggap kay Cristo. Si Cristo na inihahayag ang mga lihim ng puso.

207 Inaanyayahan namin kayo na bumalik lang, mga bagong dumalo rito, sa aming tabernakulo, sa aming pagsamba.

208 Umawit ako ng kaunti kanina, nang sa gayon ang pahid na 'yun ay lumubay muna sa akin pansumandali, nang sa gayon makapagsalita ako sa inyo. Ikinagagalak ko na naparito kayo. Talagang napaka maluwalhating araw ito na makasama kayo. Pagpalain kayo ng Diyos.

209 Sa mga taga-rito sa tabernakulo, sa susunod na Linggo ng gabi ang komunyon, paghuhugasan ng paa. Sa mga tao sa taga-rito lang sa malapit, dumaan lang po kayo at makipagkita sa amin. Ipanalangin n'yo po kami hanggang sa magkita-kita tayo uli.

210 Iyuko na po natin ang ating mga ulo ngayon. Hihilingin natin sa pastor, na pumarito para paunlakan na tayong umalis, o magsalita ng anuman na nais niya.

*Ang Katibayan Ng Pagkabuhay Na Mag-uli* TAG58-0406E
(The Evidence Of The Resurrection)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong gabi ng Linggo ng Pagkabuhay, Abril 6, 1958 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org